# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**March 2023**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Tigil-pasada ng mga jeep, umani ng suporta, nagkamit ng panimulang tagumpay……………….6

Mga imperyalistang bansa, pinapapanagot sa mga epekto ng climate change…………………….9

Protesta kontra Herrera Law, inilunsad ng mga manggagawa…………………………………………11

Hindi makasasama sa ekonomya ang dagdag-sahod!……………………………………………………12

Ibasura ang Cha-cha ni Marcos, panawagan ng mga demokratikong organisasyon……………….14

Sibilyang komunidad, pinagbabaril ng 94th IB; mga bahay nasira……………………………………16

AFP, nagwaldas ng $153 milyon para sa 1,000 drone…………………………………………………17

Mga ruta sa Metro Manila, naparalisa ng tigil-pasada……………………………………………………19

Supermayorya ng pangkating Marcos sa Kongreso, iniratsada ang charter change……..20

Kabundukan sa Kalinga, binomba ng AFP…….22

Magkasunod na operasyong harasmment, inilunasd ng BHB-West Camarines Sur………..23

Organisador ng maralita sa Rizal, inaresto; isa pa, ginigipit…………………………………………25

Tagumpay ang tigil-pasada, deklarasyon ng mga drayber ng jeep…………………………………26

Hustisya, giit sa ika-2 anibersaryo ng ‘Bloody Sunday Massacre’..........................................28

Operasyong Dikit-Pinta ng KM sa Agusan del Sur, inilunsad................................................30

Suportang pangkabuhayan, iginigiit para sa mga apektado ng oil spill sa Mindoro..............31

Kasunduan para sa operasyon ng Binga Dam sa Benguet, tinutulan..........................................33

Sigaw sa Araw ng Kababaihan: Trabaho, dagdag-sahod at mga karapatan......................35

Gubyerno ng Pilipinas, pinuna sa hindi pagtugon sa kagalingan ng mga ‘comfort women’........................................................37

Mga sibilyan, pinaputukan ng 37th IB; isa, napatay........................................................39

Pandaigdigang pagdiriwang sa ginintuang anibersaryo ng NDFP, binabalak.....................41

Unyon sa Ateneo de Manila University, bumoto pabor sa pagwewelga....................................43

Child labor, tumitindi sa Pilipinas...................44

Nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB, binulabog ng BHB........................................................46

Tugunan ang hinaing ng mga apektado ng oil spill—NDF-Mindoro.......................................47

Welga ng mga drayber at kunduktor ng bus, nagpapatuloy.............................................49

Giriang US-China, pinaiigting ng kasunduang EDCA.........................................................50

Libreng pamamahagi ng lupa, di SPLIT ang kailangan ng mga magsasaka.........................53

Palengke sa Baguio City, pinangangambahang sadyang sinunog...........................................54

Peke at sapilitang "pagpapasuko" sa maralita sa Rizal, binatikos..............................................56

US at Europe, tiba-tiba sa pagbenta ng armas noong 2022.................................................57

Pag-alis ng Canada sa NATO, iginiit................59

Bagong tayong detatsment ng militar sa Negros Oriental, pinasabugan ng BHB........................61

Kawalang trabaho, tumindi noong Enero........62

Serye ng panganganyon at aerial bombing sa Bukidnon, iniulat..........................................64

Mga bahay ng katutubo sa Negros Occidental, niransak ng 62nd IB.......................................66

Ipagtanggol ang Norte, ipinanawagan............67

Alyansa kontra pribatisasyon ng kuryente sa Bacolod, inilunsad.........................................70

Ika-20 anibersaryo ng pagsalakay ng US sa Iraq, ginunita.............................................71

Mahabang martsa ng magsasaka laban sa neoliberalismo sa India, nagtagumpay............72

Mga sundalo, pinalalayas sa mga maralitang komunidad sa Tondo at Batangas....................75

Mga unyon sa Metro Manila, naghain ng petisyong dagdag-sahod..................................77

Pagsasanay na Salaknib, Balikatan, naglalagay sa Pilipinas sa peligro.....................................78

Pekeng pagpapasuko sa mga mangingisda sa La Union, kinundena...........................................80

Koordinadong aksyong gerilya, inilunsad ng BHB-Masbate; 10 sundalo at pulis, napatay....81

Mga sundalong bahag ang buntot, nagpaputok sa eskwelahan sa Masbate...............................83

Nairehistrong mga SIM card, 29% pa lamang.85

Hustisya para sa mga biktima ng human trafficking, ipinanawagan................................86

Mga negosyante, kinontra ang Marcos cha-cha ..............................................................89

Kampanya para ilitaw si Steve Abua, dinala sa UNHRC.....................................................90

Pangakong trabaho at kaunlaran ng dayuhang pamumuhunan, malaking panloloko................92

Patas na subsidyo, pagbaba ng presyo ng langis, idiniin ng mga tsuper......................................95

Detatsment ng CAFGU sa Masbate, pinasabugan ng BHB.....................................96

Iglap-protesta, iba pang aktibidad, inilunsad para sa anibersaryo ng BHB..........................98

Tambalang Marcos-Duterte, desperadong iwasan ang kaso sa ICC................................100

CPP calls on NPA to “stir up and spread flames” of armed struggle.......................................101

Kontraktwalisasyon sa pampublikong sektor, tinutulan..................................................104

₱750 dagdag-sahod, itinulak ng 12 grupo sa paggawa sa Southern Tagalog......................105

Bangkay ng napaslang na Pulang mandirigma sa Kalinga, nilapastangan............................106

Araw ng kawalan ng lupa, ginunita sa Pilipinas ..............................................................108

Mga bilanggong pulitikal sa Negros, isang araw na nag-ayuno...............................................110

Petisyon para ipatigil ang imbestigasyon, ibinasura ng ICC.........................................112

Samutsaring kapalpakan ni Sara Duterte at ng DepEd, binatikos ng mga guro......................113

## Tigil-pasada ng mga jeep, umani ng suporta, nagkamit ng panimulang tagumpay

Marso 1, 2023

Kabi-kabilang suporta ng mga grupo at indibidwal ang ipinabatid sa planong tigil-pasada ng mga

tsuper at opereytor ng dyip at mga pampublikong sasakyan sa darating na Marso 6 hanggang Marso 12. Ang tigil-pasada ay tugon ng mga grupo sa transport sa anti-mahirap na programa ng gubyernong Marcos na “modernisasyon” na sa totoo’y phaseout o pag-aalis ng mga jeep sa kalsada.

Sa harap ng lumalaking suporta sa kilos-protesta, inianunsyo ngayong araw ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na iuusod nito ang deadline para sa pagpapatupad Public Utility Vehicle (PUV) Modernization Program. Ang orihinal na plano ng LTFRB ay simula Hunyo 30, sapilitan nang tatanggalin sa mga kalsada ang mga tradisyunal at lumang dyip at UV Express.

Itinuring ito ng grupong ng Piston (Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide na “isang maliit na tagumpay, pero hindi ito sapat. Ang laban kontra sa PUV phaseout at para sa maka-mamamayang programa sa modernisasyon ay patuloy naming ipaglalaban.” Bago nito, napahayag ng pakikiisa ang Piston sa planong aksyong protesta.

Ang tigil-pasada ay pangungunahan ng grupo sa transportasyon na Manibela. Nais nilang ipasusinde ang programa ng LTFRB dahil tatanggalan nito ng kabuhayan ang libu-libong mga maliliit na drayber at opereytor. Pahayag ni Mar Valbuena, pambansang pangulo ng Manibela, inaasahan nilang 40,000 dyip at sasakayang UV Express ang lalahok sa tigil-pasada sa Metro Manila pa lamang.

Dagdag pa niya, kikilos din ang mga tsuper at opereytor sa Ilocos, Central Luzon, Calabarzon, Bacolod, Davao, Cagayan de Oro at Bicol. Ayon pa sa grupo, ang nakatakdang pagkilos ang unang malaking protesta ng sektor mula nang pinahintulutan ang jeep na muling mag-opereyt mula nang ipinatigil noong kasagsagan ng pandemya.

Ayon kay Mody Floranda, pambansang pangulo ng Piston, "Ipinakikita lamang nito na handang makipaglaban ang iba't ibang samahan para pigilan ang sapilitang franchise consolidation at PUV phaseout na patuloy na itinutulak ng gubyerno. Handang protektahan ng mga tsuper at maliliit na operator ang kanilang kabuhayan dahil buhay ng pamilya nila ang nakasalalay rito lalo sa panahon ngayon ng matinding krisis sa ekonomya."

Binatikos din ng Piston ang plano ng gubyerno na sapilitang konsolidahin ang maliliit at indibidwal na prangkisa ng mga opereytor. Anila, "ang pamimilit na ipaloob sa kooperatiba at korporasyon ang indibidwal na mga prangkisa ay "mali, mapanlinlang at pamimilit." Giit ng grupo na ang tanging makikinabang dito ay ang malalaking korporasyon na silang tanging may kakayahan na bumili ng mga "modernong" dyip dahil sa mahal nito. Umaabot ang kada yunit nito sa ₱2.4 milyon hanggang ₱2.8 milyon kumpara sa ₱200,000 hanggang ₱600,000 kada yunit ng tradisyunal na dyip.

"Kapag nag-consolidate ka ng prangkisa sa ilalim ng isang kooperatiba o korporasyon, sinusurender

mo yung karapatan mo sa indibidwal mong prangkisa. Sa oras na di ka makabayad sa napakamahal na halaga ng modernization, wala ka nang babalikan dahil pinilit kang isuko ang prangkisa mo," paliwanag ni Floranda.

Giit ng Piston, napakamahal at walang kakayahang bumili ng mga "modernong" jeepney ang mga maliliit na drayber at opereytor. Dapat na lang umanong pahintulutan ang rehabilitasyon at pagsasaayos ng mga tradisyunal na dyip imbes na tanggalin ang mga ito sa kalsada at pahintulutan ang indibidwal na prangkisa.

"Bakit ba kating-kati ang gubyerno ni Marcos Jr na mag-import nang mag-import para palitan ang mga lokal nating jeepney at paglaruan ang buhay ng maralitang Pilipino? Sino ba talaga ang gusto nilang paunlarin? Malinaw na hindi ang mga Pilipino," giit ni Floranda.

Nagpahayag din ng pagsuporta ang mga kabataan sa pangunguna ng grupong Anakbayan. Hamon nito sa mga kabataan: "Tutulan ang anti-mahirap at pahirap na jeepney phaseout, makiisa sa tigil-pasada, at mga tsuper!"

## Mga imperyalistang bansa, pinapapanagot sa mga epekto ng climate change

Marso 2, 2023

Nagprotesta noong Pebrero 28 ang Youth Advocates for Climate Action Philippines (YACAP), Pamalakaya at iba pang grupo sa harap ng Dusit

Thani Hotel sa Makati City para igiit na papanagutin ang mga rehiyon at bansang mayayaman at makapangyarihan na tinaguriang "Global North" na pangunahing pinangagalingan ng matinding polusyon na nagpapalubha sa climate change. Itinaon ang protesta sa idinaos na ika-18 pulong ng United Nations Executive Committee on the Warsaw Mechanism for Loss and Damage Fund.

"Dapat magbayad ang pinakamalalaking nagdudulot ng polusyon mula sa Global North sa kanilang pangwawasak. Ang pagbabayad-pinsala ay isang krusyal na hakbang sa pagresolba sa krisis sa klima para sa mga umuunlad na bansa," ayon kay Jon Bonifacio, tagapasalita ng Peoples Rising for Climate Justice (PRCJ).

Ang pagpupulong ng UN ay sinasabing may layong tugunan at bigyan ng bayad-pinsala ang mga bansa na pinakaapektado ng pinakamatitinding pinsala na dulot ng climate change.

Liban sa protesta, naghatid ng sulat ang mga grupo sa kinatawan ng mga nagpulong na naglaman ng mga kahingian ng mga grupo para sa makatarungan at malinaw na pagbabayad-pinsala. Ayon sa sulat, dapat umanong kilalanin ang responsibilidad ng mga maunlad na bansa bilang pinakamalalaking lumilikha ng polusyon sa mundo, at dapat silang papanagutin sa pamamagitan ng pagbabayad-pinsala sa mga bansang pinaka-apektado ng mga sakunang sanhi ng pagbabago sa klima. Isa ang Pilipinas sa pinakaapektado nito.

Pinanawagan din nila sa mga lider na nasa pulong na magbuo ng isang konsultatibong grupo na binubuo ng mga kinatawan ng mga katutubo, magsasaka at mangingisda, at iba pang bulnerableng komunidad at sektor para maging bahagi ng pagdedesisyon ng alokasyon ng bayad-pinsala.

## Protesta kontra Herrera Law, inilunsad ng mga manggagawa

Marso 2, 2023

Nagprotesta ang mga manggagawa kanina sa Commission on Human Rights sa Quezon City para igiit ang pagpapabasura sa anti-manggagawa na Herrera Law kasabay ng ika-34 anibersaryo nito. Ayon sa Kilusang Mayo Uno (KMU), ginawang ligal ng naturang batas ang kontraktwalisasyon na nagbura sa seguridad sa trabaho ng mga manggagawa.

Ang Herrera Law ay isinabatas noong Marso 2, 1989 sa ilalim ng rehimeng Cory Aquino. Ipinangalan ito sa pangunahing nagtulak nito na si Sen. Ernesto Herrera. Si Herrera ay dating tagapangulo ng dilawang Trade Union Congress of the Philippines.

Ayon sa KMU, binigyang-awtoridad ng batas ang pulis at militar na sikilin ang mga welga at pigilan ang mga ito sa pamamagitan ng Assumption of Jurisdiction (AJ), labag sa karapatan ng mga manggagawa.

“Sa pamamagitan ng AJ, nagpatupad ng mga strike ban, humigpit ang mga rekisito para maglunsad ng welga, at nabigyang-daan ang mga pulis at militar na buwagin ang mga welga at unyon sa pagawaan,” pahayag ng KMU.

Paliwanag pa nito, “bagaman ipinagbawal [ng batas] ang labor-only contracting, binigyang-luwag ang iba pang mga porma ng kontraktwalisasyon. Sa esensya, pinaluwag nito ang kakayahan ng mga kapitalista na tumanggap ng mga empleyadong kontraktwal na kailanman ay hindi makakakuha ng regular na sahod at benepisyo.”

Para sa mga manggagawa at unyon, isang malaking “bangungot” ang Herrera Law magpahanggang ngayon. “Laganap pa rin sa buong bansa ang kontraktwalisasyon na nagpapanatili ng barat na sahod at kawalan ng benepisyo. Tumindi rin ang paglabag sa karapatan ng mga manggagawa na mag-unyon, magwelga, at magpahayag,” ayon sa KMU.

Sa Pilipinas, tinatayang nasa 9.4 milyong Pilipino ang nananatiling kontraktwal na mga manggagawa ayon sa datos ng IBON Foundation noong 2018.

## Hindi makasasama sa ekonomya ang dagdag-sahod!

Marso 3, 2023

Malaking panloloko ang sinabi kamakailan ng kalihim ng National Economic and Development

Authority na si Arsenio Balisacan na "makakasama" sa ekonomya ang hiling ng mga manggagawa na dagdagan ang kanilang sahod.

"Kaninong ekonomya?" tanong ni Sonny Africa ng Ibon Foundation. "Napakalaki ng bentahe ng dagdag-sahod sa mga manggagawa," aniya, at ang tanging kasamaang idudulot nito ay sa sobra-sobrang kita na kinokopo ng mayayaman.

Sa dekada 2012-2021, ayon kay Africa, tumaas ang produktibidad ng mga manggagawa nang 42%, habang 18% lamang ang itinaas sa sahod. Bumagsak pa ang tunay na halaga ng sahod nang 5%. Gayundin, sa loob ng panahong ito, tumaas nang 68% ang kita ng nangungunang 1,000 korporasyon sa bansa, at 89% sa 40 pinakamayayamang Pilipino.

Tinawag ni Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Mayo Uno, si Balisacan na "sinungaling at manloloko" sa isang video message noong Marso 1.

"Hindi totoo yan," diin ni Adonis. "Katunayan, makakatulong pa nga sa ekonomya ang dagdag sahod ng mga Pilipino." Paliwanag niya, kung itataas ang sahod, magkakaroon ng pambili ang mga manggagawang Pilipino, laluna ng pinakabatayang mga pangangailangan. Nasa 70%-80% ng sahod ng mga manggagawa ay napupunta sa pagbili ng pagkain, aniya.

Hamon naman ng mga manggagawa sa Cebu, subukan ni Balisacan na mabuhay sa minimum na sahod ng mga manggagawa.

“Madali lamang kay Secretary Balisacan na sabihin yan kasi di naman minimum ang sahod niya,” ayon kay Jaime Paglinawan, pinuno ng AMA-Sugbo-KMU. “Mas maganda subukan niyang mabuhay sa minimum na ₱435 kada araw sa Central Visayas o kahit ₱570 kada araw na minimum sa NCR.” Iginiit ni Paglinawan na makatarungan ang iginigiit ng mga manggagawa na dagdag-sahod, laluna matapos ianunsyo ng Bangko Sentral na maaring pumalo sa 9.3% ang implasyon noong Pebrero.

## Ibasura ang Cha-cha ni Marcos, panawagan ng mga demokratikong organisasyon

Marso 3, 2023

Nakahanda ang mga demokratikong organisasyon na tutulan ang pakanang baguhin ang konstitusyong 1987 na iniraratsada ngayon sa Kongreso. Tinatayang ipapasa na sa Marso 6 sa pangatlo at huling pagdinig ang House Resolution No. 6, na nagtatawag para sa Constitutional Convention para baguhin ang konstitusyon.

“Sagot ba sa problema ng bansa ang Cha-cha?” tanong ni Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bayan. “Hindi. Lalong lalala pa nga ang krisis sa pagpasok ng mga dayuhang kumpanya, at sa pagpapalawig sa pwesto ng mga naghaharing-uri. Dayuhan at iilan ang makikinabang sa Cha-cha. Sila ang nagpapahirap sa bansa natin.”

Tinawag ng Bayan ang pakana bilang “Marcos cha-cha” dahil itinutulak ito ng kanyang mga

alyado sa Kamara. Sa huling ulat, mahigit 200 nang kongresista ang nakasuporta sa resolusyon. “Nakasunod din ito sa patakaran ni Marcos na ibayong ibukas ang ekonomya sa mga dayuhan,” ayon kay Reyes.

Ang itinutulak nitong pagbabago sa mga probisyon sa ekonomya ay lalong magbibigay pabor sa naghaharing uri at magbibigay ng dagdag na mga bentahe sa mga dayuhang monopolyo kapitalista na naglalayong dambungin at samantalahin ang ekonomya ng bansa, ayon sa Bayan. “Kahit palitan ang Constitution, kung mga political dynasties pa rin ang nakaupo, walang magbabago,” anito.

Tutol din ang Alliance of Concerned Teachers sa pakana. “Pahihintulutan ng ChaCha na lalong magtagal sa pwesto, mangurakot, at magpayaman ang mga pulitikong mula sa mga dinastikong angkan o pamilya ng mga panginoong maylupa at mga may-ari ng malalaking korporasyon,” ayon sa grupo. Kaugnay ito sa balak na pagpapalawig sa termino ng mga pambansa at lokal na mga upisyal mula tatlo tungong limang taon at pagpapahintulot sa muling pagtakbo ng nakaupong presidente at bise presidente.

Kinutya ni Reyes sa Marcos sa pagkukunwari nitong “hindi prayorida” ang Cha-cha gayong “kitang kita sa galawan” ng kanyang mga kaalyado sa Kongreso.

Panawagan niya sa mamamayang Pilipino, huwag payagan ang Marcos cha-cha.

## Sibilyang komunidad, pinagbabaril ng 94th IB; mga bahay nasira

Marso 3, 2023

Nasira ang bahay ng mga magsasakang sina Albascion Onopre at Rhoda Garnica sa Sityo Cabagnaan, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental matapos paulanan ng bala ng mga sundalo ng 94th IB noong Marso 1. Ayon sa grupong September 21 Movement South Negros, nagpaputok ang mga sundalo matapos ang napaulat na engkwentro sa pagitan ng 94th IB at yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa isang lugar na saklaw ng sityo.

Giit ng grupo, ang pagdamay sa mga sibilyan at sibilyang komunidad ay paglabag sa Comprehensive Agreement on Respect of Human Rights and International Humanitarian Law o CAHRIHL na pinirmahan ng mga kinatawan ng Gubyerno ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines.

Labis na takot at troma ang idinulot ng naturang pamamaril sa mga residente. "Ang mga may-ari ng bahay…nagmadaling magtago para hindi sila matamaan ng bala. Lumikas na sila sa Barangay Carabalan," ayon sa grupo.

Sa araw na iyon, nasa 100 pamilya ang lumikas tungo sa sentro ng barangay mula sa mga sityo ng Panagbaan, Florete, Cabalungan, at Daat. Kinonkontrol at binabantayan din ng militar ang kilos ng mga nasa sentro ng ebakwasyon. Unti-unti na silang nakababalik sa ngayon.

Iniulat ng mga residente ang patuloy na panggigipit at pananakot ng mga sundalo sa mga sibilyan. Anila sumisigaw ang mga ito ng “Nga kung sin-o ang isog dira, paguwa!” (Kung sino ang matapang diyan, lumabas!) at “Ubuson pamatay ang mga pumuluyo” (Uubusin ang mga tao dito).

Ang ginagawang karahasan ng militar laban mga sibilyan ay labag sa Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL:

“Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

## AFP, nagwaldas ng $153 milyon para sa 1,000 drone

Marso 5, 2023

Kinumprima noong Marso 2 ng maka-militar na website na Max Defense na dumating sa Pilipinas noong 2022 ang nasa 100 Hermes 90 UAV, isang klase ng unmanned aerial vehicle o drone na gawa ng Elbit Systems ng Israel. Ang mga drone na ito ay bahagi ng order ng Armed Forces of the Philippines para sa 533 gayong mga sistema ng drone. Bawat sistema ay ay may dalawang drone, o kabuuang 1,066 drone. Ang buong kontrata ay nagkahalaga ng $153 milyon (₱7.650 trilyon sa palitang $1=₱50) o ₱7.65 milyon kada isa. Ipinirmi ang kontrata para rito noon pang 2019.

Ang napakamahal na mga Hermes 90 ay maliliit (natutupi sa bakpak) at may bigat na 11 kilo

lamang. Ginagamit ito para sa taktikal na sarbeylans. Maari itong magkarga ng hanggang 10 kilo na payload, sumaklaw ng maksimum na 10 kilometrong radius at lumipad hanggang 75 minuto. Lumilipad ito sa bilis na 40 kilometro kada oras sa tayog na 12,000-15,000 pye. Mayroon itong kamera, FLIR (infrared) at iba pang instrumentong paniktik.

Ang Hermes 90 ay isa lamang sa mga armas na binili ng Pilipinas sa Elbit System, ang pinakamalaking kumpanyang militar ng Israel. Liban dito, bumili rin ang Pilipinas ng mga Hermes 900 at Hermes 450, mga drone na mas malalaki at mas matagal ang lipad. Noong nakaraang taon, dumating din ang 12 ATMOS 2000 155mm howitzer na gawa ng Soltam Systems, isang kumpanyang bahagi ng Elbit.

Isa ang Elbit Systems sa mga kumpanyang Israeli na target ng kilusang BDS (Boycott, Divest, Sanction) ng mamamayang Palestino at kanilang mga tagasuporta. Sa ilalim ng panawagang #StopElbit, iginigiit ng kilusang BDS ang pag-atras ng pamumuhunan at pagtigil sa pagbili ng mga estado ng mga armas ng mga kumpanya na ginagamit para sa henosidyo at apartheid ng Israel laban sa Palestine.

Ang kilusang ito ay nakabatay sa resolusyon ng United Nations Human Rights Council na nagbabawal sa mga kumpanya at estado na tumangkilik o mamuhunan sa mga kumpanyang Israeli na sangkot sa henosidyo at apartheid na ipinataw ng Israel sa mamamayang Palestino.

Nitong huli, umatras na ang mga bansang Denmark at Brazil, gayundin ang ilang malalaking bangko, na bumili ng mga armas o makipagkalakalan sa kumpanyang ito. Ang Israel ang benepisyaryo ng isa sa pinakamalaking ayudang militar ng US sa buong mundo.

## Mga ruta sa Metro Manila, naparalisa ng tigil-pasada

Marso 6, 2023

Tinatayang 90% ng mga ruta ng mga dyip sa buong Metro Manila ang naparalisa ng tigil-pasada ng mga drayber ng mga dyip at pampasaherong van ngayong araw. Ang tigil-pasada ay inilunsad ng mga drayber at opereytor sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at grupong Manibela. Magtutuluy-tuloy ang tigil-pasada at mga aksyong protesta sa darating na mga araw.

Sinuportahan ang tigil-pasada ng mga demokratikong organisasyon ng mga manggagawa, kababaihan, kabataan at iba pang sektor. Nagmartsa sila tungong Mendiola sa Manila kanina para igiit kay Marcos Jr na itigil ang anti-mahirap at makadayuhang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) ng gubyerno na layuning alisin ang mga pampasaherong jeep sa kalsada.

Sa buong araw, nagkaroon ng mga pagkilos ang mga drayber at opereytor sa higit 20 sentro ng protesta sa Metro Manila. Nagtigil-pasada at

nagprotesta rin ang mga grupo sa Bulacan, Pampanga, Rizal, Cavite, Laguna, Albay, Camarines Sur at Norte, Cebu City, Bacolod City at iba pang mga prubinsya at mga lungsod.

Ayon sa Piston, “Kahit ang ibang samahang hindi Piston, kumasa at nakiisa sa panawagang welga.” Dagdag pa ng grupo, sa kabila ng panggigipit ng mga pulis, pananakot ng estado, at red-tagging ni VP Sara Duterte, “matagumpay na naikasa ang tigil-pasada dahil sa mainit na suporta ng mamamayan mula sa iba’t ibang sektor.”

Liban sa pagbabasura sa huwad na modernisasyon, panawagan ng Piston na ibasura ang sapilitang pagtatayo ng mga kooperatiba o korporasyon at pagpapaloob dito para kanselahin ang indibiwal na mga prangkisa.

Ipinabatid ngayong hapon sa isang media conference ni Mody Floranda, pangulo ng Piston, na patuloy ang kanilang tigil-pasada at panawagan para sa iba’t ibang klase ng suporta para sa mga tsuper at opereytor na magwewelga.

Giit ng mga tsuper at opereytor, handa silang ipagpatuloy ang tigil-pasada. Ayon pa sa Piston, katumbas ng ilang araw na tigil sa pamamasada ang pakikipaglaban para sa kanilang kabuhayan.

## Supermayorya ng pangkating Marcos sa Kongreso, iniratsada ang charter change

Marso 6, 2023

Iniratsada ng rehimeng Marcos ang pag-apruba ng House of Represenatives sa Resolution of Both Houses No. 6 na nagtutulak ng isang constitutional convention para sa chacha (charter change) o pag-amyenda sa konstitusyong 1987. Naitala ang 301 na botong “Yes”, habang 6 ang “No” at isa ang abstain sa naturang resolusyon kanina.

Ang resolusyon ay kapapasa lamang sa ikalawang pagdinig noong Pebrero 28. Tatlong araw lamang ang iginugol ng mga kinatawan sa deliberasyon.

Ang tanging bumoto sa Kongreso laban dito ay ang mga kinatawan ng blokeng Makabayan na sina ACT Teachers Rep. France Castro, Gabriela Rep. Arlene Brosas, at Kabataan Rep. Raoul Manuel, at tatlong iba pa na sina Camarines Sur 3rd District Rep. Gabriel Bordado, Albay Rep. Edcel Lagman, at Basilan Rep. Mujiv Hataman.

Kasabay ng pagdinig kanina, nagprotesta ang mga grupo sa House of Representatives sa Quezon City para kundenahin ang “Marcos cha-cha.”

Itinutulak ng charter change na ito ang pagbabago sa mga probisyon sa ekonomya na lalong magbibigay pabor sa naghaharing uri at magbibigay ng dagdag na mga bentahe sa mga dayuhang monopolyo kapitalista na naglalayong dambungin at samantalahin ang ekonomya ng bansa, ayon sa grupong Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

“Habang nagaganap ang transport strike at krisis sa ekonomya, narito ang mga kongresista, inuuna ang cha-cha para sa dayuhan at iilan. Walang pakundangan at malasakit sa mamamayan. Grabe kayo!” pahayag ni Renato Reyes Jr, pangkalahatang kalihim ng grupong Bayan.

Ayon naman kay Atty. Neri Colmenares, chairperson ng Koalisyong Makabayan, “Kapag polisiyang nagbebenta ng pagmamay-ari sa dayuhan, napakabilis kumilos ng Kongreso. Pero kapag mga batas para sa kapakanan ng ordinaryong mamamayan tulad ng pagtaas ng pensyon, napakabagal kumilos.”

## Kabundukan sa Kalinga, binomba ng AFP

Marso 7, 2023

Walang-patumanggang binomba ng mga jet fighter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mabundok na bahagi ng Barangay Gawa-an sa Balbalan, Kalinga bandang alas-2 ng madaling araw noong Marso 5.

Ayon sa paunang ang ulat ng Cordillera Human Rights Alliance (CHRA), dinig hanggang sa mga bayan ng Upper Tabuk at Limos ang ingay ng mga fighter jet. Nakita rin ng mga residente sa lugar ang mga drone na pangsarbeylans. Kinaumagahan, dalawang helikopter naman ang umikot sa Balbalan.

Liban sa teroristang lagim na hatid sa mga sibilyang komunidad ng mga armas

panghimpapawid ng AFP, iligal na dinakip ng mga sundalo ang siyam na residente ng Sityo Uta at Codcodwe ng Barangay Gawa-an. Dalawa sa kanila ay nagpapastol ng kalaba. Ang pitong iba pang sumaklolo sa kanila ay inaresto rin. Iligal silang idinetine ng pitong oras.

Dagdag ng CHRA, patuloy pang nagpapakat ng mga tropa ng militar sa bayan ng Balbalan na pinangangambahang magdudulot ng mga paglabag sa karapatang-tao. Mayroon ding ipinakat na howitzer sa Sityo Guesang, Poblacion na nakaharap sa Barangay Gawa-an.

Nanawagan ang grupo na tuluy-tuloy na tutukan at imbestigahan ang naturang insidente para tiyakin ang seguridad at kagalingan ng mga sibilyang komundiad.

## Magkasunod na operasyong harasmment, inilunasd ng BHB-West Camarines Sur

Marso 7, 2023

Kambal na operasyong harasment ang inilunsd ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-West Camarines Sur noong Pebrero 28. Pinatamaan nito ang dalawang detatsment ng militar sa bayan ng Ragay, Camarines Sur.

Unang pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang detatsment sa Barangay Baya bandang alas-12:30 ng hapon. Sindunang ito ng pag-atake sa detatsment sa Barangay Patalunan bandang ala-1:10 ng hapon.

Ang Barangay Patalunan at Baya ay magkatabing barangay lamang kung saan parehong may presensya ng mga pasista at berdugong sundalo ng 81st IB.

Ayon sa BHB-West Camarines Sru, ang detatsment ng militar sa Barangay Baya ay dating nakapwesto sa sentro ng barangay katabi ng paaralang elementarya, ngunit taong 2021 ay inilipat ito sa Sitio Okwaw ng parehong barangay na kasalukuyang nasa gitna rin ng kabahayan. Katulad rin nito ang kampo sa Baranggay Patalunan na ipinwesto malapit sa sentro para gawin na “human shield” ang mga sibilyan.

Paliwanag ng yunit ng BHB, ang armadong aksyon ay tugon sa kahilingan ng mga residente sa lugar bunsod ng mga dumadaming kaso ng paglabag sa karapatang-tao at karahasan na nagbubunga ng matinding takot at ligalig sa mga taumbaryo.

Sa nagdaang mga buwan, kumaharap ang mga sibilyan sa pauli-ulit na interogasyon, pananakot at saywar. Tinatarget ng miliar mga pinaghihinalaang kasapi at tumutulong sa BHB. Hindi iilang kaso ang naitala kung saan sapilitang pinatatawag ang mga reidente sa loob ng kampo militar.

Nangunguna rin sa mga anti-sosyal na gawain tulad ng pag-iinom, pagsusugal at iba pa ang mga sundalo. May mga kaso na rin ito ng pang-aagaw ng asawa at mga kabataang nabuntisan sa lugar.

Ang ginagawang okupasyon ng mga militar sa sentro ng mga komunidad ay labag sa

internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL.

## Organisador ng maralita sa Rizal, inaresto; isa pa, ginigipit

Marso 7, 2023

Inaresto ng mga pulis at armadong pwersa ng estado ang organisador ng Anakpawis-Rizal na si Arnel Bueza kaninang alas-12:30 ng madaling araw sa kanyang bahay sa Sityo Tibagan, Barangay Dolores, Taytay, Rizal. Walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga dumakip. Dinala siya sa CIDG Padilla, Antipolo.

Sa bidyong inilabas ng kanyang mga kapitbahay, makikitang kinaladkad ng mga pulis palabas ng bahay si Bueza. Nagmamakaawa pa ang kanyang mga kaanak na huwag siyang arestuhin dahil walang kahit anong kasalanan sa batas.

Taktika na ng mga pwersa ng estado ang pag-aresto sa mga aktibista at sibilyan ng alanganing oras para ikubli ang kanilang mga paglabag sa karapatang-tao.

Samantala, iniulat ng grupong Karapatan-Rizal na patuloy ang presensya ng militar sa loob ng Sityo Tibagan kung saan dinadahas, pinagbabantaan at tinatakot ang mga residente.

Liban dito, mayroong naitalang kaso ng panggigipit ang Karapatan-Rizal laban sa organisador ng maralita na si Roberto Marquez.

Pinasok ng mga pulis ang bahay at pinagbantaan si Marquez at kanyang pamilya sa Sityo Sumilang, Barangay San Jose, Antipolo noong Marso 6.

Ayon sa ulat, simula pa Marso 2 ay paulit-ulit nang tinitiktikan at pinupuntahan ng mga pulis si Marquez sa bahay at kanyang trabaho. Kinilala bilang isang Capt. Abcede ang isa sa mga sangkot sa krimeng ito. Pinilit si Marquez na sumama sa kanila kahit na walang kahit anong mandamyento o dokumento.

Dagdag ng Karapatan-Rizal, nagpapatuloy ang presensya ng mga unipormado at hindi unipormadong pulis sa naturang komundiad.

Si Marquez ay ginigipit ng mga pulis dahil sa kanyang pakikisangkot sa paglaban sa isang panginoong maylupa na nangangamkam ng kanilang lupa sa Sityo Sumilang.

## Tagumpay ang tigil-pasada, deklarasyon ng mga drayber ng jeep

Marso 8, 2023

Dulot ng malawakang epekto at pagkaparalisa ng mga ruta sa Metro Manila bunsod ng inilunsad ng tigil-pasada ng mga pampublikong transportasyon, natulak ang Malacañang na makipag-usap sa grupong Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at Manibela kahapon. Iniulat ito ng tagapangulo ng Piston na si Mody Floranda ngayong araw.

Naganap ang pagpupulong kahapon sa Malacañang kasama si Floranda at Manibela

Transport Group Chairman Mar Valbuena kaharap sina Presidential Communications Office Secretary Cheloy Garafil at Office of the Executive Secretary Undersecretary Roy Cervantes.

Ayon sa Piston, “Bunsod ng ating malapad na pagkakaisa at sama-samang pagkilos, natulak ang Malacañang na mangakong pag-aaralan o ire-review ang mga nilalaman ng Omnibus Franchising Guidelines (OFG) hanggang Disyembre 31, 2023.” Paliwanag ni Floranda, sa isasagawa umanong rebyu ay nangako ang Malacañang na magiging bahagi ng buong proseso ang mga tsuper, operator, at komyuter.

Anang mga tsuper at opereytor, “Bagama’t hindi pa ito ganap na pagbasura sa OFG at programang phaseout, panimulang tagumpay pa rin itong maituturing dahil naitulak nating tumugon ang Malacañang at napatunayan natin ang bisa at lakas ng ating sama-samang pagkilos.”

Nauna nang iniulat ng Piston na sa unang araw ng tigil-pasda, naparalisa ang 89% ng mga syudad sa Metro Manila. Maraming unibersidad at syudad ang nagkansela ng kani-kanilang mga klase dahil sa naturang pagkilos. Liban dito, nagprotesta at sumuporta ang mga tsuper, operator at komyuter sa buong bansa.

Nagpasalamat ang Piston sa lahat ng tsuper at opereytor sa buong bansa sa kanilang lakas, determinasyon at pagkakaisang ipinamalas sa ginanap na transport strike kontra-PUV phaseout. Ayon pa sa kanila, “nagpapasalamat kami sa mainit na suporta, malalim na pag-unawa, at

mahigpit na pakikiisa ng mamamayang Pilipino mula sa iba't ibang sektor."

Banta ng grupo, kung hindi magpapatupad ng substansyal na aksyon si Marcos Jr para sa kabutihan ng sektor, handa umano silang kumilos muli at "hindi mangingiming maglunsad ng mas malalaking tigil-pasada." Dagdag pa nila, "pansamantala lamang nating ititigil ang tigil-pasada at patuloy na ilalaban ang ating mga panawagan."

Sa huli, nanawagan si Floranda na kagyat na palayain ang tatlong tsuper na inaresto dahil sa paglahok sa transport strike kahapon sa Alabang, Muntinlupa City.

## Hustisya, giit sa ika-2 anibersaryo ng 'Bloody Sunday Massacre'

Marso 9, 2023

Nagprotesta ang mga kaanak ng mga biktima ng Bloody Sunday Massacre at mga demokratikong organisasyon sa upisina ng Department of Justice (DOJ) sa Manila City noong Marso 7. Iginiit nila ang hustisya at pagpapanagot sa mga pulis na sangkot sa mga pagpatay. Pinangunahan ang pagkilos ng grupong Defend Southern Tagalog. Matapos nito, nagkaraban at nagprotesta ang mga grupo sa National Intelligence Coordinating Agency (NICA) sa Quezon City.

Siyam na lider-masa at organisador sa Southern Tagalog ang pinatay noong Marso 7, 2021. Kabilang dito sina Bagong Alyansang Makabayan

(BAYAN) Cavite coordinator Emmanuel “Manny” Asuncion, lider-magsasaka at mangingisdang sina Ariel Evangelista at Ana Mariz “Chai” Lemita-Evangelista, mga organisador sa maralitang lungson na sina Mark “Makmak” Lee Bacasno at Melvin “Greg” Dasigao, at katutubo na sina Abner Esto at Edward Esto, at mga lider-Dumagat na sina Randy dela Cruz at Puroy dela Cruz.

Ayon sa Defend Southern Tagalog, ang pagpatay sa mga biktima ay maituturing na paglabag sa internasyunal na makataong batas dahil. Ang mga sibilyang biktima ay tinarget matapos paulit-ulit na binansagang mga armadong kombatant at mga kasapi ng rebolusyonaryong kilusan bago at matapos sila’y paslangin.

Samantala, matatandaan na noong Enero 16 ay inianunsyo sa publiko ang desisyon ng DOJ na isaisantabi at ibasura ang mga kasong pagpatay na isinampa laban sa 17 upisyal ng pulis na sangkot sa pagpaslang sa lider-manggagawang si Manny Asuncion, isa sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre. Ayon sa DOJ, inaabswelto ang mga pulis dahil sa diumano’y “kakulangan ng ebidensya.”

Inaresto rin sa araw na iyon sina Karapatan-ST paralegal at Kapatid-ST coordinator Nimfa Lanzanas, BAYAN Laguna coordinator Mags Camoral, lider unyonistang si Esteban “Steve” Mendoza, Eugenio Tadeo, at Joan Efren.

Ayon kay Mags Camoral ng Bayan-Laguna, “Bilang isa sa mga inaresto, masahol ang pwersa ng militar-pulisya sa pag-aakusa ng gawa-gawang

kaso laban sa hanay ng mga aktibista. Dalawang taon na, wala pa ring nagaganap na hearing, walang ibinibigay na piskal ang Cabuyao Regional Trial Court (RTC) Branch 108…"

## Operasyong Dikit-Pinta ng KM sa Agusan del Sur, inilunsad

Marso 9, 2023

Pangkat-pangkat ng Kabataang Makabayan (KM) sa Agusan del Sur ang nagpinta ng mga panawagan nitong nagdaang mga araw sa iba't ibang lugar sa bayan ng San Francisco. Namula ang mga dingding at kalsada ng mga katagang "NPA 54", "Viva CPP-NPA-NDF" at "Sampa sa NPA."

[km-agusan-del-sur-opod-4]

[km-agusan-del-sur-opod-2]

[km-agusan-del-sur-opod]

[km-agusan-del-sur-opod-3]

Puno ng sigasig ang mga kabataan naglunsad ng "operasyon pinta." Ayon sa isang kalahok, "sa una ay kinabahan kami pero sa kabila nito ay mayroong pananabik din dahil sa magiging ambag nito sa darating na anibersaryo."

"Mas na excite kami sa susunod na mga tungkulin na pamamahagi ng mga polyeto at postering," dagdag pa nila.

"Natutuwa kami sa aming naging ambag sa pagdiriwang ng anibersaryo ng BHB. Maliit na

ambag pero mahalaga sa propaganda para sa pagsulong ng pakikibaka," kwento pa ng mga kabatan.

Dagdag pa nila, "sa darating na mga panahon direkta na kaming lalahok sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng pagsampa sa BHB."

Ang KM ay itinatag noong 1964 at isa sa mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Kabilang sa mga tungkulin ng KM ang sumuporta sa armadong pakikibaka ng BHB.

## Suportang pangkabuhayan, iginigiit para sa mga apektado ng oil spill sa Mindoro

Marso 9, 2023

Nanawagan ang grupo ng mangingisda na Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) na papanagutin ang kapitalistang may-ari ng MT Princess Empress sa pinsala sa karagatan bunga ng paglubog nito sa dagat at pagtapon ng karga nitong langis.

Naganap ang trahedya ng oil spill noong Pebrero 28 nang nalubog sa dagat na sakop ng Naujan, Oriental Mindoro ang tanker na MT Princess Empress. Karga ng naturang tanker ang 800,000 litro ng krudong pang-industriya.

Hinihingi nilang bigyan ng bayad-pinsala ang mga mangingisda na nawasak ang kabuhayan bunga

ng insidente at isabalikat ang gastos sa paglilinis sa eryang apektado ng tumapon na langis.

Tinatayang 18,000 mangingisda ang apektado sa Oriental Mindoro dulot ng oil spill. Umabot na rin ang epekto nito sa karatig na mga baybayin ng kalapit na mga prubinsya.

Sa ulat ng Pamalakaya-Panay, naapektuhan na rin ang mga coastal na barangay sa Antique kung saan 1,200 mangingisda at mga residente ang naapektuhan sa Semirara Island ng bayan ng Caluya.

Panawagan din ng Pamalakaya kagyat na bigyan ng subsidyong pampinansyang at suporta sa kabuhayan ang mga pamilya ng mangingisda na nawalan ng kabuhayan at naapektuhan ng oil spill sa Oriental Mindoro simula pa noong nakaraang linggo.

"Isang linggo nang apektado ang kabuhayan ng mga mangingisda sa mga lugar na sinalanta ng oil spill, kabilang ang isla ng Semirara. Kailangan nila ng agaran at pang-araw-araw na panustos para sa kanilang pamilya," pahayag ni Fernando Hicap, pambansang pangulo ng Pamalakaya.

Giit niya, panawagan ng mga mangingisda sa mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan na sabayang aksyunan ang paglilinis ng kumalat na langis at paghahatid ng ayuda sa mga apektadong mangingisda at pamilya sa tabing dagat.

Paliwanag pa ng Pamalakaya, tiyak sila na magdudulot ito ng pagbagsak ng huli ng mga mangingisda dahil sa posibleng pinsala nito sa

mga bahura (coral reefs) at bakawan (mangroves) na nagsisilbing tirahan ng mga isda.

Sa taya ng University of the Philippines Marine Science Institute, aabot sa 36,000 ektaryang coraf reef, 9,900 ektarya ng mangrove at 6,000 ektarya ng seagrass and maaaring maapektuha. Liban dito, dapat din umanong paghandaan ng lokal at pambansang pamahalaan ang posibleng fish kill dulot ng pagkalason ng mga isda at kontaminasyon ng tubig.

## Kasunduan para sa operasyon ng Binga Dam sa Benguet, tinutulan

Marso 10, 2023

Tutol ang mga nakatatanda o elder ng Bokod, Benguet sa alok ng SN Aboitiz Power (SNAP) na kumpensasyon para ipagpatuloy ang operasyon ng Binga dam sa kanilang lupang ninuno. Inilinaw nila ang kanilang paninindigan matapos pumirma sa Memorandum of Agreement (MOA) ang mga kinatawan ng Itogon at SNAP-Benguet noong Pebrero 28.

Ayon sa ulat ng Northern Dispatch, sadyang hindi isinama sa pagpirma ng MOA ang mga kinatawan ng Bokod. Una na nilang tinutulan ang alok na kumpensasyon ng SNAP-Benguet para sa operasyon nito sa Ambuklao Dam. Hindi rin sila sang-ayon sa nabuong MOA para sa Binga Dam.

Ayon sa abugado ng mga taga-Bokod na si Erik Ignacio, kailangang kunin ng SNAP ang pagsang-ayon ng lahat ng kinatawan ng mga katutubong

komunidad na sinaklaw ng dam. “Hindi maaaring ietsapwera ang mamamayan ng Bokod sa MOA,” ayon kay Ignacio. Ito ay dahil saklaw ng Binga dam pareho ang mga ancestral domain ng mga Itogon at Bokod.

Ang pagbubuo ng MOA ay tulak ng kasong isinampa ng mga komunidad kaugnay sa di pagbayad ng SNAP ng mga benepisyo at bahagi ng kita sa mga katutubong komunidad sa paggamit nito sa mga natural na rekurso ng kanilang lupang ninuno.

Noong Disyembre 2022, naglabas ang mga nakatatanda ng Bokod ng Resolution of Non-Consent laban sa unang alok ng SNAP. Itinuring nilang insulto at mapagsamantala ang alok ng kumpanya na pagbahagi ng P0.325 per kilowatt-hour sa kanilang mga komunidad.

Dahil sa di pagsang-ayon ng mga taga-Bokod, hiniling ni Norberto Pacio, isa sa mga kinatawan ng Itogon People’s Organization, na ipagpaliban ang pagpirma sa MOA isang araw bago ito maganap. Pero hindi nakinig ang mga kinatawan ng SNAP at National Commission on Indigenous Peoples at itinuloy pa rin ang pirmahan. Tinawag ni Pacio na “maanomalya” ang pagpirma at “walang galang” sa mga taga-Bokod.

Sa ngayon, hiniling ng mga taga-Bokod na huwag bigyan ng certification precondition ang SNAP-Benguet. Ang sertipikasyon na ito ay ibinibigay bilang katibayan na sumunod sa proseso ng pagkuha ng free, prior and informed consent

(FPIC) o pagsang-ayon ng mga katutubo ang kumpanya.

## Sigaw sa Araw ng Kababaihan: Trabaho, dagdag-sahod at mga karapatan

Marso 10, 2023

Sa Araw ng Kababaihang Anakpawis noong Marso 8, nagmartsa sa iba't ibang syudad ang libu-libong kababaihan, kasama ang ibang demokratikong sektor. Panawagan nila ang dagdag-sahod at pagbaba ng mga presyo ng mga bilihin, kasama ang iba pang mga kagyat na usaping panglipunan tulad ng reporma sa lupa.

Sa Metro Manila, nagdaos ng programa ang kababaihan sa paanan ng Mendiola sa Manila City. Nagtalumpati ang mga kababaihang lider mula sa Gabriela, Gabriela Youth, Gabriela Women's Party at iba't ibang mga organisasyon. Hinampas nila hanggang mawasak ang isang effigy ni Ferdinand Marcos Jr bilang simbolo ng kanilang galit laban sa inutil at tutang rehimen.

Bago nagtungo sa Mendiola, nagtipon muna sila sa Liwasang Bonifacio. Sa umaga, nagtipon sa harap ng Department of Labor and Employment ang iba't ibang grupo ng manggagawang kababaihan sa ilalim ng Women Worker's United para ipanawagan ang dagdag sahod.

"Sa administrasyon ni Marcos Jr, wala na tayong inaasahang pagbabago, at sa katunayan ay

lumalala pa ang kalagayan ng kababaihan,” pahayag ni Shaye Ganal ng Gabriela Youth.

Sa Davao City, nagkaroon din ng pagkilos sa Freedom Park ang kababaihan, kabataan at mga unyonista sa pangunguna ng Gabriela-Southern Mindanao Region. Pangako nilang ituluy-tuloy ang paglaban para sa disenteng trabaho, nakabubuhay na sahod at mga demokratikong karapatan sa gitna ng maraming hamon sa rehiyon.

Sa Bacolod City, nagmartsa tungo sa Fountain of Justice ang kababaihan sa ilalim ng Women Workers United Negros bilang paggunita sa Araw ng Kababaihan. Sigaw nila ang dagdag sahod, pantay na oportunidad para sa trabaho at paggalang sa karapatan para mag-unyon.

Sa Bulacan, sumayaw ang kababaihan ng Calumpit, Bulacan bilang protesta laban sa mga pag-abuso sa kababaihan at mga bata. Isinagawa ang pagsayaw sa Bagbag Bridge, isang makasaysayang tulay kung saan naganap ang ‘Battle of Calumpit’, noong April 25-28, 1899. Bahagi ang armadong paglaban na ito ng mga Pilipino sundalo sa Gerang Pilipino-Amerikano kung saan pinigilan ng mga Pilipino ang pagpasok ng mga sundalong Amerikano sa Pampanga at Malolos.

Nagmartsa ang progresibong kabataan at kababaihan sa Baguio City sa naturang araw. Ipinagdiwang nila ang mga nakamit na tagumpay ng kababaihan sa mahaba nang pakikibaka ng sektor at nangakong ipagpatuloy ang laban ng sektor.

Pinangunahan din ng Gabriela at ibang grupong kababaihan ang mga martsa sa ibayong dagat sa bisperas ng Araw ng Kababaihan noong Marso 7. Kasama ang International Women's Alliance, nagrali ang mga myembro ng Gabriela-USA, nagmartsa ang kababaihan sa Washington D.C. laban sa imperyalismo, militarismo at pagsasamantala ng World Bank at ng gubyernong Amerikano

Sa Hong Kong, nagprotesta ang kababaihan laban sa nagpapatuloy na labor export policy ng estadong Pilipino. "Imbes na lumikha ng mga disenteng trabaho na may nakabubuhay na sahod bilang solusyon sa tumitinding kahirapan, pinatindi lamang ng pangkating Marcos-Duterte ang paglalako sa kababaihan at kalalakihang Pilipino bilang murang mga kalakal na paggawa sa ibayong dagat," pahayag ni Shiela Tebia-Bonifacio, pinuno ng Gabriela-Hong Kong.

## Gubyerno ng Pilipinas, pinuna sa hindi pagtugon sa kagalingan ng mga 'comfort women'

Marso 11, 2023

Pinuna ng United Nations (UN) Committee on the Elimination of Discrimination against Women (CEDAW) ang gubyerno ng Pilipinas sa kabiguan nitong bigyan ng hustisya at tulungan ang mga 'comfort women' na biktima ng panggagahasa ng mga sundalong Japanese noong sinakop nila ang Pilipinas. Ang pahayag ng UN-CEDAW ay inilabas noong Marso 8.

Ayon sa naturang komite, tinaggal ng Pilipinas ang karapatan sa pagbibigay ng danyos sa mga babaeng biktima ng panggagahasa sa pagpirma nito sa Treaty of Peace sa Japan. Dagdag pa nito, hindi tinugunan ng bansa ang institusyunalisadong sistema ng pang-aaliping sekswal noong gera, mga epekto nito sa mga biktima at nakaligtas, o pagbibigay man lamang ng mga proteksyon sa kanila.

Sa pahayag ng Gabriela Women's Party, sinabi nitong "isang mayor at seryosong pagsasakdal sa gubyerno ng Pilipinas [ang pahayag ng UN] sa nagpapatuloy na kabiguan nitong tulungan ang mga Pilipinong comfort women sa kanilang pakikibaka para sa hustisya, dignidad bilang tao, at bayad-danyos sa kakila-kilabot na mga krimeng ginawa ng Japanese Imperial Army."

Pagkukumpara pa ng komite ng UN, "ang mga beterano ng digma, karamiha'y lalaki, ay nakatatanggap ng espesyal at natatanging pagturing mula sa guberyno, tulad ng benepisyo sa edukasyon, pangkalusugan, sa matandang edad, kapansanan at mga pensyon sa pagpanaw."

Ayon sa komite ng UN, malinaw umanong mayroong pagbali sa mga obligasyon sa ilalim ng CEDAW Convention ang gubyerno ng Pilipinas. Binigyang diin pa ng komite na ang bansa ay "bigo sa pagpapatupad ng angkop na mga hakbangin sa lehislatibo at iba pa para ipagbawal ang lahat ng diskriminasyon laban sa kababaihan, at pangalagaan ang karapatan ng kababaihan nang may patas na batayan sa mga kalalakihan."

Ang desisyong ito ng komite ay itinuring ng Gabriela Women’s Party bilang “silahis ng pag-asa” para sa mga lola dahil nagsisilbi itong tuntungan para maggiit ng kongkretong mga aksyon mula sa gubyerno.

Giit ng komite ng UN na dapat bigyan ang mga biktimang lola ng buong kabayaran, kabilang ang materyal na kumpensasyon at maglabas ng upisyal na paghingi ng tawad sa nagpapatuloy na disrkiminasyon.

“Dapat maglabas ng upisyal na paghingi ng tawad ang administrasyong Marcos Jr,” giit ng Gabriela Women’s Party. Suportado din ng grupo ang paglaban ng mga lola para sa nararapat na kumpensasyon at tulong mula sa gubyerno.

## Mga sibilyan, pinaputukan ng 37th IB; isa, napatay

Marso 11, 2023

Pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng 37th IB ang apat na sibilyan, kabilang ang dalawang menor-de-edad, sa Sityo 27, Barangay Sangay, Kalamansig, Sultan Kudarat noong Pebrero 27, isang tahasang krimen at paglabag sa internasyunal na makataong batas. Para pagtakpan ang kanilang krimen, pinalabas ng AFP sa masmidya na mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kanilang inatake, bagay na mariing pinabulaanan ng lokal na kumand ng BHB. Pinalalabas pang nakakumpiska ng ripleng M14 at karbin sa pinangyarihan ng insidente.

Ang grupo ng mga sibilyan ay pauwi na mula sa pangangaso para sa kanilang pagkain nang atakehin ng mga sundalo. Sa salaysay ng isa sa mga biktima, naglalakad sila sa isang mayor na daanan papunta sa mga kabahayan bandang 7:28 ng gabi nang bigla na lamang silang paulanan ng mga bala ng mga sundalo ng 37th IB.

Kinilala ang mga biktima na sina Nasyon Gantangan, 30 taong gulang at may tatlong anak; Epin Dasol, at dalawang menor-de-edad na sina Waldo Lunon (16) at Verano Matilak (15). Napatay sa pamamaril si Gantangan habang nasugatan si Dasol.

Nakasigaw pa si Gantangan ng “Sibilyan ni!” (Sibilyan kami!) bago siya mapatay. Sa kabila nito, nagpatuloy sa pagpapaputok ang tropang militar hanggang umaga.

Ayon sa pamilya ni Gantangan, sobrang daming bala ang tumama sa kanyang katawan na halos mahati ito. Nagdulot ang pangyayari ng labis na pighati sa buntis na asawa ni Gantangan na naging dahilan ng pagkalaglag ng bata. Dulot ng troma, ang dalawang menor-de-edad ay madalas na dumanas ng panginginig at takot na lumabas sa kanilang bahay.

Naiulat din na niransak at pinasok ng mga sundalo ang mga bahay ng sibilyan.

Labag ang mga ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL. Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng

CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

Kinundena ng BHB-Sultan Kudarat ang naturang insidente at brutalidad ng tropa ng 37th IB. “Ang karumal-dumal na krimeng ito ay hindi na bago sa mersenaryo at pasistang AFP,” ayon sa yunit.

Dagdag umano ito sa listahan ng mga dating krimen at paglabag sa internasyunal na makataong batas ng 37th IB. Kabilang dito ang pagpatay sa dalawang sibilyan sa Barangay Santa Clara sa Kalamansig noong Setyembre 2020. Noong Hulyo 2022, pinatay ng 7th IB si Kalesa Langgaw noong Sityo Matingaw, Barangay Baluan, Senator Ninoy Aquino.

Pahayag ng BHB-Sultan Kudarat, “ito ay ilan lamang sa napakaraming krimen ng militar laban sa mamamayan.”

## Pandaigdigang pagdiriwang sa ginintuang anibersaryo ng NDFP, binabalak

Marso 11, 2023

Nanawagan noong Marso 6 ang Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) na maglunsad ng isang pandaigdigang koordinadong kampanya para itampok ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ang pagtataguyod nito sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino kaugnay

ng nalalapit nitong ginintuang anibersaryo sa Abril 24.

Ayon sa FFPS, nais nitong patampukin ang "pagkatawan ng NDFP sa mamamayang Pilipino, at ang kahalagahan ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pambansa at demokratikong rebolusyon." Anito, magtatagal ng isang taon ang kampanya hanggang Abril 2024.

Ibinahagi ng grupo sa kanilang panawagan ang kinakaharap na krisis ng sambayanang Pilipino at ang tanging alternatiba nila para kumawala sa krisis ng malakolonyal at mapapyudal na lipunang Pilipino. Anito, "ang tumitinding pagsasamantala at umiigting na pang-aapi… sa Pilipinas ang naglalatag ng pundasyon para sa paglaban ng mamamayang Pilipino."

Paninindigan nila, "ang NDFP at mga alyadong rebolusyonaryong pwersa nito at ang maraming bayaning martir ng kilusan ng mamamayan, ang naglulunsad ng 50 taon ng matapang at militanteng pakikibaka."

Nanawagan ang FFPS sa lahat ng mga kasapi nito na makiisa sa kampanya, magpatupad ng mga aktibidad, at pagkaisahin ang iba pang organisasyon sang-ayon dito. Ayon sa kanila, maaaring maglunsad ng mga talakayan at pag-aaral kaugnay ng pambansa-demokratikong pakikibaka, palaganapin ang mga dyaryo ng NDFP, gumawa ng mga polyeto, maglunsad ng

mga aksyong masa at pumunta sa Pilipinas para sa mga gawaing eksposyur.

Itinutulak din ng grupo ang pagpapatanggal sa NDFP, Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at mga progresibong personahe sa listahan ng tinataguriang mga “terorista” ng reaksyunaryong gubyerno sa Pilipinas.

Ang FFPS ay isang pandaigdigang organisasyong sumusuporta sa pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas. Mayroon itong mga kasaping organisasyon mula sa North America, Europe, Asia at Oceania.

## Unyon sa Ateneo de Manila University, bumoto pabor sa pagwewelga

Marso 11, 2023

Kasado na ang Ateneo Employees and Workers Union (AEWU) para sa isang welga matapos bumoto pabor sa welga ang mga manggagawa at empleyado ng Ateneo de Manila University noong Marso 10. Naitala ng unyon ang botong 201 na ‘Oo’ habang 4 ang botong ‘Hindi.’

Ang pagboto para sa welga ay isinagawa matapos humantong sa dalawang deadlock ang usapan sa pagitan ng administrasyon ng unibersidad at ng unyon ukol sa renegosasyon ng Collective Bargaining Agreement (CBA) ng unyon para sa mga taong 2019 hanggang 2024.

Ang pormal na pagsisimula ng welga ng unyon ay magsisimula sa huling linggo ng Marso dahil kailangan ng 7-10 araw na cooling-off period mula

nang maghain ng kanilang Notice of Strike noong Pebrero 15, 2023.

Ilan sa iginigiit ng unyon sa renegosasyon ay ang kanilang karapatan sa karagdagang sahod, signing bonus, rice allowance, dependent’s allowance, at family subsidy. Tinatayang aabot ito ng ₱13.27 milyon.

Itinutulak ng administrasyon ng unibersidad na tanging ₱5.54M lamang ang ipagkakaloob na dagdag na benepisyo sa mga empleyado.

Iginigiit din ng pamunuan ng unyon na ipagkaloob sa kanila ang nakatakdang 70% bahagi sa pagtataas ng matrikula sa unibersidad.

Nakatakdang maglunsad ang unyon ng pagtitipon at kampanyang #StandWithAEWU sa darating na Marso 17 para hikayatin ang mga sektor sa loob ng unibersidad na makiisa sa kanilang kahingian.

## Child labor, tumitindi sa Pilipinas

Marso 12, 2023

Tumaas noong 2021 ang bilang ng mga batang nagtatrabaho o child worker sa Pilipinas. Sa taya ng Philippine Statistics Authority, 4.3% o 1.37 milyong bata, edad 5-17 taon, ang nagtrabaho noong taong iyon, mas mataas kumpara sa 872,333 noong 2020. Sa bilang na ito, 69% ay itinuturing na child labor o yaong nasa mga “peligroso” (hazardous) trabaho para sa bata. Kabilang sa mga ito ang mga kaso kung saan pwersahang pinagtatrabaho ang mga bata dahil sa kahirapan, inilalagay sa mga lugar na nakasasama

sa kanilang kalusugan, at mga trabahong umaapekto sa kanilang pag-aaral at sapat na pahinga. Mayroong 31.64 milyong batang Pilipino na 5-17 taong gulang.

Pinakamarami (45.7%) sa Pilipinong batang manggagawa ay nasa mga sakahan, tubuhan at mga komersyal na plantasyon. Liban dito, matatagpuan din sila sa mga pangisdaan, minahan, lansangan, pabrika at pribadong tahanan bilang mga kasambahay.

Malaking bahagi ay nasa edad 15-17 anyos, pero mayroon ding mga batang edad 5-9 na buong panahon nang nagtatrabaho. Pinakamataas ang insidente ng batang paggawa sa rehiyon ng Northern Mindanao, kasunod ang Central Visayas at Caraga.

Pinakamasasahol na porma

Sa ulat ng International Labor Organization na inilabas noong 2022, inilagay nito ang bilang ng mga batang manggagawa sa Pilipinas sa 2.1 milyon sa 2019, doble sa inulat ng PSA na 1.046 milyon sa naturang taon. Sa pag-aaral ng ILO sa mga estadistika ng Pilipinas, ang 2 milyon sa kanila ay sangkot sa peligrosong trabaho.

Kabilang sa bilang na ito ang mahigit 5,000 batang edad 15-pababa na buong-panahong namamasukan bilang mga katulong. Ang ganitong pagpapatrabaho sa mga kabataan ay ipinagbabawal sa batas ng reaksyunaryong gubyerno.

Kabilang din sa bilang na ito ang mga batang nasasadlak sa pinakamasasamang uri ng paggawa katulad ng komersyal na sekswal na pagsasamantala at pornographiya. Alinsunod sa mga internasyunal na pananaliksik, isa ang Pilipinas sa pandaigdigang sentro ng online sexual exploitation of children (OSEC o sekswal na pagsasamantala sa mga bata sa internet). Mula 2014-2017, tumaas nang 250% ang mga kaso nito. Noong 2021, mayroong 2.8 milyong kaso sa bansa na iniulat ng na OSEC, lampas doble sa 1.3 kaso na naiulat noong 2020. Karamihan sa mga "kliyente" ng OSEC ay mga dayuhang pedophile.

## Nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB, binulabog ng BHB

Marso 12, 2023

Binulabog ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB sa sityo Batang-batangan, Barangay Bucalan, Canlaon City, Negros Oriental noong Marso 6. Isa ang napatay at isa ang nasugatang sundalo sa operasyong harasment.

Ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, nailunsad ang armadong aksyon laban sa pasistang tropa dahil sa suporta ng masa sa komunidad. "Tugon ito ng BHB sa matagal nang reklamo ng mga residente sa paglabag sa kanilang karapatang-tao ng tropa ng militar," ayon pa sa kanya.

Simula pa Disyembre 2022 ay naghahari-harian ang mga sundalo sa ilang mga barangay ng Canlaon City at mga karatig nitong bayan. Naitala ang mga kaso ng sapilitang pagpasok sa mga bahay ng sibilyan, pagpapatawag sa mga kampo at interogasyon sa mga magsasaka at pamimilit na magsilbing giya sa mga operasyong militar ng 62nd IB laban sa BHB.

“Habang mayroong presenya ng militar sa kanilang komunidad, hindi ligtas ang buhay at kabuhayan ng mamamamyan,” saad ni Regalado. Paliwanag pa niya, nagdudulot lamang ito ng grabeng takot at perwisyo sa mga magsasaka.

## Tugunan ang hinaing ng mga apektado ng oil spill—NDF-Mindoro

Marso 12, 2023

Nakiisa ang National Democratic Front (NDF)-Mindoro sa panawagan ng mamamayang Mindoreño na agarang tugunan ang hinaing ng mga pamayanang sinalanta ng oil spill bunsod ng paglubog ng MT Princess Empress sa bahagi ng Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero. Anang NDF-Mindoro, apektado ng sakuna ang hindi bababa sa 76 na mga barangay sa siyam na bayan. Dagdag pa dito ang ibang mga bayan sa karatig na mga prubinsyang inabot ng epekto ng oil spill.

Ang MT Princess Empress ay mayroong kargang 800,000 litrong industriyal na langis o black oil at patuloy na tumatagas. Nasalanta ng trahedya ang 26 na lugar sa dagat na protektado (marine protected area) na nagsisilbing tahanan ng iba’t

ibang anyo ng yamang tubig. Halos 36,000 ektaryang coral reef na tahanan ng mga isda ang pinangangambahang mawasak dahil sa insidente. Kabilang din dito ang 7 sangtwaryo at 533 ektaryang bakawan sa bayan ng Pola.

"Tiyak na pangmatagalan ang pinsalang ito sa kalikasan at sa kabuhayan ng mga mangingisdang nakaasa sa yamang-tubig," ayon sa NDF-Mindoro. Liban dito, may panganib din sa kalusugan ang nasabing sakuna. Nagdudulot ng masamang amoy ang black oil na delikado kung malalanghap ng tao. Marami na rin umanong residente ang nagrereklamo na nakakahilo ang amoy ng langis. Pinangangambahan ding napasok ng langis ang mga pinagkukunan ng tubig ng mga komunidad sa tabing dagat.

Pinuna ng NDF-Mindoro ang mabagal na pagtugon ng mga ahensya ng gubyerno para tugunan ang oil spill. Anito, "pinatitindi ng mabagal na pagtugon…ang krisis na nilikha ng oil spill."

Natulak na rin umano ang mamamayang Mindoreño na sila ang kumilos para lamang maalis na ang langis na lumulutang sa mga baybayin at dalampasigan gamit lamang ang mga bao ng niyog, tabo, at timba, na posibleng makaapekto sa kanilang kalusugan.

Ayon sa NDF-Mindoro, dabat magkaisa ang mamamayan para igiit sa gubyerno ang maagap na pag-imbestiga at paglilinis ng langis sa dagat. Dapat din umanong itulak nila na mabigyan ng ayuda ang libu-libong mangingisdang Mindoreño.

“Marapat lang na bumuo ng programang pangkabuhayan para sa mga mamamalakaya na tutugon sa kanilang pangangailangan sa panahon na hindi pa maaaring makapaglaot,” pahayag nito.

Samantala, suportado nila ang panawagang imbestigasyon sa kumpanyang may-ari ng MT Princess Empress, ang RDC Reield Marine Services. “Dapat singilin (ang kumpanya) batay sa kanyang responsibilidad sa insidente…[laluna at] insured sa halagang $1 bilyon at na saklaw ng insurance nito ang mga kaganapan tulad ng oil spill, ang naturang barko. Makatwiran lamang na pasanin ng kumpanya ang gastusin sa cleanup at kumpensasyon para sa mga komunidad sa tabing-dagat.”

## Welga ng mga drayber at kunduktor ng bus, nagpapatuloy

Marso 12, 2023

Nasa ikalawang linggo na ng welga ang mga drayber at konduktor ng bus ng Admiral Transport Inc. sa garahe ng kumpanya sa Quezon City. Ang mga bus ng kumpanya ay bumibyahe sa ruta ng EDSA Carousel. Ikinasa ng Admiral Transport Workers Union ang welga matapos tumanggi ang maneydsment sa hiling ng mga drayber na dagdag sahod at benepisyo sa kanilang negosasyon para sa Collective Bargaining Agreement (CBA).

Ayon sa unyon, tatlong beses nang ipinagpaliban ng maneydsment ang mga nakatakdang pagdinig at paghaharap nito at ng unyon. Paninindign ng ATWU na nararapat at makatarungan ang

kanilang mga kahingian sa CBA. Kabilang sa mga ito ang kahingian para sa regular na pasahod, overtime pay, night differential, at iba pa.

Walang regular na sahod ang mga manggagawa at kasalukuyang porsyento lamang sa arawang kinikita ng kumpanya ang kanilang tinatanggap. Wala silang mga benepisyo tulad ng overtime pay at health benefits. Gayundin, iniulat nito na nasa 16-18 oras kada araw nagtatrabaho ang mga drayber at konduktor sa loob ng 3-4 na araw sa isang linggo. Karamihan sa mga drayber at konduktor ay higit 20 taon nang nagtatrabaho sa kumpanya.

Panawagan din ng unyon na ibalik sa trabaho ang mga lumahok sa welga nang walang pagganti ng kumpanya.

## Giriang US-China, pinaiigting ng kasunduang EDCA

Marso 13, 2023

Sisimulan na ng US ang pagkukumpuni sa Cesar Basa Air Base sa Floridablanca, Pampanga sa Marso 20. Bahagi ang airbase na ito ng iniwan ng mga tropang Amerikano noong 1991 matapos ibasura ng Senado ang tratado para palawigin ang paggamit ng US sa mga pasilidad ng Pilipinas. Muli itong ibinabalik sa kontrol ng US sa pamamagitan ng Enhanced Defense Cooperation Agreement o EDCA. Inikutan ng kasunduang ito ang probisyon sa reaksyunaryong konstitusyon na kailangang ratipikahan ng Senado ang anumang

tratadong magpapahintulot sa pamamalagi ng dayuhang tropa at pasilidad sa bansa.

“Sa Marso 20, iimbitahan namin ang aming US Secretary of the Air Force (Frank Kendall) na magsagawa ng groundbreaking,” buong pagmamalaki pa ng ambasador ng US sa Pilipinas na si MaryKay Loss Carlson noong Marso 11.

Magbubuhos ang US ng $24 milyon para tiyaking mapapakinabangan ng kanilang mga pwersa ang paliparan. Bahagi ito sa $80 milyong pondo na ibubuhos ng US para sa konstruksyon ng mga pasilidad sa loob ng mga kampo ng Armed Forces of the Philippines. Sa ilalim ng EDCA, maaaring magtayo ang US ng mga imbakan ng kanilang armas at tirahan ng kanilang mga sundalo sa mga lugar na iginawad sa kanila ng gubyerno ng Pilipinas. Isusuko ng gubyerno ng Pilipinas at Armed Forces of the Philippines ang awtoridad sa mga lugar na sasakupin ng mga pasilidad na ito.

Isa ang Cesar Basa Air Base sa unang limang pasilidad na “kukumpunihin” ng US para sa sariling gamit. Ang apat pang iba ay Fort Magsaysay Military Reservation sa Nueva Ecija; Lumbia Airfield sa Cagayan De Oro; Antonio Bautista Airbase sa Puerto Princesa, Palawan; at Benito Ebuen Air Base sa Cebu. Nadagdagan pa ang mga ito ng di bababa sa apat pang kampo militar matapos bumisita si US Vice President Kamala Harris noong nakaraang taon. Kabilang sa mga napababalitang target ng US na lugar ang mga prubinsya sa Northern Luzon at karagatan nitong direktang nakaharap sa Taiwan at Taiwan

Strait. Inamin mismo ng US Navy na palalakasin nito ang depense kontra sa China.

Sa harap nito, animo'y nagbabala ang China sa pamamagitan ng pagtatanong kung bakit idinadawit ng Pilipinas ang sarili nito sa pangingialam ng US sa katayuan ng Taiwan.

"Kung ang mga bagong site ay nasa Cagayan at Isabela, na malapit sa Taiwan, layunin ba talaga ng US na tulungan ang Pilipinas sa disaster relief sa pamamagitan ng mga EDCA site na ito," tanong sa isang post na ipinaskil ng Chinese embassy sa Pilipinas. "Nasa pambansang interes ba talaga ng Pilipinas na madawit sa pangingialam ng US sa katayuan ng Taiwan?"

Wala pa man ang direktang panunulsol ng US sa Philippine Strait, agresibo nang itinataboy ng China ang mga barkong pangisda at pampatrol ng Pilipinas sa loob mismo ng teritoryong dagat sa West Philippine Sea. Nitong taon lamang, 10 diplomatic protest na ang isinampa ng Pilipinas laban sa China sa pantataboy nito sa mga bangka at barkong Pilipino.

Pinakahuling mainit na insidente ang pagtutok ng laser beam ng isang barkong Chinese sa isang resupply ship ng Coast Guard ng Pilipinas sa Pag-asa Shoal. Sa ngayon, nananatili ang di bababa sa 40 barkong Chinese sa lugar.

Patuloy pang nagpapalitan ng mga patutsada ang mga ambasador ng China at US na nakabase sa bansa. Inakusahan ng China ang US na nagsasapanganib sa seguridad ng rehiyon sa

pamamagitan ng EDCA. Sinagot naman ito ng US na ang China ang nagsasapanganib sa seguridad ng rehiyon dahil presensya nito sa South China Sea.

## Libreng pamamahagi ng lupa, di SPLIT ang kailangan ng mga magsasaka

Marso 13, 2023

Kinwestyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang sinasabing mga "benepisyo" ng programang SPLIT (Support to Parcelization of Land for Individual Titling) na itinutulak ngayon ng World Bank at Department of Agrarian Reform (DAR). Saklaw ng programa ang 1.3 milyong ektaryang lupa na ibinigay na sa 750,000 benepisyaryong magsasaka. Pinopondohan ito ng ₱19 bilyong utang mula sa World Bank na babayaran rin ng mamamayan.

"Habang abala ang ahensya (DAR) sa pagbiyak ng mga kolektibong titulo para sa indibidwal na pag-aari ng mga benepisyaryo, gusto rin naming malaman ang kalagayan ng pamamamamahagi ng malalaking tipak ng lupa at pag-aari na nakatakda para sa pamamahagi sa mga benepisyaryo." Isang halimbawa na ibinigay ng grupo ang kabiguan ng DAR na ipamahagi ang lupa sa Hacienda Tinang sa Tarlac sa mga benepisyaryo nito.

Noong 2021, sinabi ng KMP na nasa 161,445 ektarya lamang ang na-isyuhan ng CLOA (Certificate of Land Ownership Award) sa ilalim ng huwad na repormang agraryo. Hindi lahat ng mga benepisyaryo ay nakapusisyon sa iginawad sa

kanila na lupa. Walang aktwal na imbentaryo ang DAR kung ilan na lamang sa kanila ang nananatili pa sa lupa. Sa kabilang banda, nakatayo pa rin ang malalawak na asyenda na hawak ng mga panginoong maylupa at kapitalista.

Dati nang binatikos ng KMP ang programa na batid nilang magpapadulas lamang sa rekonsentrasyon ng lupang naipamahagi na sa mga panginoong maylupa. Anito, sapilitang winawatak-watak ng SPLIT ang mga kolektibong CLOA para itransporma ang mga lupa nito tungong kolateral sa pautang o ipasok sa makadayuhang agrarian venture agreement o mga kasunduan para sa komersyal na plantasyon o hasyenda.

## Palengke sa Baguio City, pinangangambahang sadyang sinunog

Marso 13, 2023

Pinaiimbestigahan ng grupong Kadamay ang naganap na sunog noong Marso 11 na tumupok sa isang bahagi ng Baguio City Public Market. Sinira nito ang 1,700 stall, kasama ang humigit kumulang ₱24 milyong produkto at ari-arian.

“Nakababahala na tuwing may plano ang gubyerno para isapribado ang isang lugar at may pagtutol dito ang mga mamamayan, nasusundan ang mga ito ng sunog,” pahayag ng grupo. Noon pang 2020 matunog ang planong pribatisasyon ng palengkeng ito.

“Hindi pa man naapula ang apoy, lumabas na agad sa bibig ni Baguio City Mayor Benjamin Magalong na gusto niyang “ma-fast track” ang Public-Private Partnership (PPP) project para daw maitayo na ang relokasyon (sa mga manininda) at matuloy na ang rehabilitasyon ng palengke,” anito.

Balak ibenta ng lokal na gubyerno ang espasyo sa nag-aagawang may-ari na mga Gokongwei (Robinsons) at Sy (SM).

Mula’t sapul, inaalmahan na ng mga manininda at maliliiit na negosyo ang planong pribatisasyon ng palengke. Ito ay dahil planong itaas ang babayaran nilang upa mula ₱11 tungong ₱50 kada kwadrado metro sa itatayong “modernong” palengke. “Nangangahulugan ito ng mas mataas na presyo ng mga paninda para sa mag residente ng Baguio,” anila.

“Hindi na bago ang paggamit ng sunog sa mga espasyong pinag-iinteresan ng mga malalaking negosyo,” ayon sa Kadamay. “Madalas mangyari ang ‘hot demolition’ sa mga informal settlements na gustong tayuan ng mga mall at condominium.”

Kabilang sa mga halimbawa na ibinigay ng grupp ang pagsunog sa Sityo San Roque para maitayo ang Vertis North Project ng Ayala at ang mga komunidad sa baybay ng Cavite para para maituloy ang proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

## Peke at sapilitang "pagpapasuko" sa maralita sa Rizal, binatikos

Marso 14, 2023

Kinundena ng mga demokratikong organisasyon ang sapilitang pagpapatipon at "pagpapasuko" ng 80th IB at mga ahente ng National Task Force-Elcac noong Marso 12 sa mga residente ng 1K2 Kasiglahan Village, Montalban, Rizal. Ayon sa ulat ng Karapatan-Rizal, tinipon ng mga sundalo ang nasa 400-500 residente at sapilitang pinamirma ng "Katunayan ng Pagkakaisa" o katibayan na "sumurender" sila. Tinarget ng militar ang mga kasapi ng Bayan Muna, Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) at lokal na samahang SIKKAD-K3.

Ayon sa Karapatan-Rizal, laman ng dokumentong sapilitang pinapirmahan ang "pag-ako" ng mga residente na sila ay "dating sumusuporta sa CPP-NPA-NDF." Ayon sa Karapatan-Rizal, malinaw sa mga residente kung saan hahantong ang "pagpapasuko" sa kanila. Sariwa pa sa alaala ng SIKKAD-K3, lokal na organisasyon sa Kasiglahan, ang sinapit ng kanilang mga kasapi na sina Mark Lee Bacasno at Melvin Dasigao, pawang nired-tag ng militar, na pinaslang ng mga sundalo noong Marso 7, 2021 sa ngayo'y binansagang Bloody Sunday Massacre.

Ang pagdadawit sa mga sibilyan sa armadong tunggalian ay labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL na pinirmahan

kapwa ng gubyenro ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines.

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.” Taliwas din ito sa mga panuntunan ng internasyunal na makataong batas na nangangalaga sa kagalingan ng mga sibilyan sa gitna ng armadong tunggalian.

Bilang agarang pagtugon sa aksyon ng militar at NTF-Elcac, bumisita noong Marso 12 sina Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel, ang mga grupong Citizens’ Rights Watch Network, Karapatan-Southern Tagalog, at iba pang mga grupo sa karapatang-tao. Kinabukasan ay muling naglunsad ng pagtitipon ang mga grupo sa karapatang-tao para magsagawa ng dokumentasyon sa kabuuan ng pangyayari.

Ang Kasiglahan Village ay tinatarget ng NTF-Elcac dahil isa itong pabahay na inokupa ng mga maralita noong 2016. Nakatiwangwang lamang ang mga bahay sa panahon na iyon kaya nagpasya ang mga maralita na angkinin ang mga ito. Matapos ang sama-samang pagkilos na ito, nabuo nila ang grupong SIKKAD-K3.

## US at Europe, tiba-tiba sa pagbenta ng armas noong 2022

Marso 14, 2023

Lalupang lumaki ang kita ng US, ang numero unong tagapagmanupaktura ng armas, sa unang taon ng proxy war nito sa Ukraine laban sa Russia. Kasabay na lumaki ang kita ng mga kumpanya ng armas ng kaalyado nitong bansa sa Europe, na nagbuhos din ng mga armas sa Ukraine para patagalin at pasidhiin ang gera doon.

Sa datos na isinapubliko noong Marso 11 ng Stockholm International Peace Research Institute o SIPRI ng Sweden, lumobo ang kita ng US at Europe sa kabila ng 5.1% pagbaba ng pandaigdigang bentahan ng armas sa nakaraang limang taon (2018-22). Ang SIPRI ang solong institusyon sa mundo na nagmomonitor sa bilang at halaga ng bentahan ng armas sa pagitan ng mga estado.

Di kataka-taka, sumirit tungong pangatlong pwesto ng pinakamaraming inangkat na armas ang Ukraine, kasunod sa Qatar at India. Bago nito, mula 1991 hanggang 2021, napakaliit lamang ang inangkat ng Ukraine na mayor na mga armas.

Ayon sa SIPRI, tumaas nang 47% ang benta ng mga kumpanyang gumagawa ng armas sa Europe sa 2018-2022, partikular ang France at Germany.

Nananatiling ang US ang pinakamalaking tagabenta ng armas sa buong mundo. Hawak nito ang 40% ng bentahan ng gayong armas sa nakaraang limang taon, 14% na mas mataas kumpara sa unang limang taon bago nito (2013-2017). Mas marami nang 148% ang nabenta nitong armas kumpara sa dalawang bansang

kasunod nito sa pinakamalaking benta—ang Russia at France.

Sa nakaraang limang taon, halos kalahati ng mga armas ng US ay ibinenta nito sa Middle East, kasunod sa Asia. Ang 23% ng mga armas nito ay napunta sa Europe, partikular sa tatlong alyado nito sa North Atlantic Treaty Organization (UK, The Netherlands at Norway.) Sa Asia, tanging ang Pilipinas ang nagdagdag ng binili nitong mga armas. Tumaas nang 64% ang pagbili nito ng mga armas sa nakaraang limang taon, kalakhan mula sa US.

Lumaki ang bolyum ng armas ng US na ineksport ng US sa Ukraine sa 2022, pero kalakhan nito ay mga relatibong atrasado at segunda manong materyal pandigma. Sa usapin ng halaga, di pa nito naabot ang halaga nang ibinenta ng US na mga abanteng armas at gamit militar sa Kuwait, Saudi Arabia, Qatar at Japan. (Bumili ang naturang mga bansa ng mga combat aircraft at air missile defense system.)

Marami pang armas ang hindi naideliber ng US, kabilang ang mahigit 1,300 combat aircraft, limang malalaking barkong pandigma, 40 sistema ng misayl, mga tangke at armoured vehicle at artileri.

## Pag-alis ng Canada sa NATO, iginiit

Marso 15, 2023

Inilunsad ng International League of People’s Struggle (ILPS)-Canada noong Pebrero 26 ang

isang kampanya para igiit sa gubyerno ng Canada na umalis sa pagiging myembro ng North Atlantic Treaty Organization (NATO), tigilan ang pagsuporta sa reaksyunaryong mga rehimen, at tumigil sa pagbebenta ng mga armas. Nagsagawa ng isang porum ang grupo kasabay ng paglulunsad ng kampanya.

Binigyang diin ng ILPS-Canada sa porum nito na kinakailangan ang kampanya dahil ang “gera ay isang raket” na pinagkakakitaan ng naghaharing mga uri habang ang uring manggagawa ay nagdurusa sa mga epekto ng imperyalistang mga gera.

Ayon pa sa ILPS-Canada, ang paglahok ng Canada sa NATO ay paglulustay sa buwis ng mamamayang Canadian. Ginagamit ang pondo ng bayan para sa paggasta sa militar, pagprodyus at pagbenta ng mga light armoured vehicle, armadong mga drone at fighter jet. Ginagastusan din nito ang mapang-upat na pagsasanay sa gera sa Caribbean, Europe at East Asia. Nakikisangkot rin ito sa mga gera sa Syria at Ukraine, ayon sa grupo.

“Ang NATO ay banta sa seguridad, at balakid sa kapayapaan; dapat umalis ang Canada sa NATO.”

Noong 2021, umabot sa $2.731 bilyon ang halaga ng ineksport ng Canada na mga kagamitan at tekonolohiyang militar sa mga lugar labas ng US. Isa sa pinakamalaki nitong kliyente ang Saudi Arabia na bumili sa 64% ng kabuuang benta sa halagang $1.749 bilyon.

“Habang pinalalabas ng Canada na iginagalang nito ang karapatang-tao, patuloy nitong pinapaypayan ang makataong krisis na dulot ng gerang pinamumunuan ng Saudi sa Yemen,” pahayag ng ILPS-Canada.

Samantala, noong 2022 ayon sa presentasyon ng ILPS-Canada, umabot sa higit $36 bilyon ang gastos-militar ng Canada at inaasahan pang magdagdagan ng $8 sa susunod na limang taon. Kabilang dito ang $500 milyon para sa imperyalistang gera sa Ukraine.

## Bagong tayong detatsment ng militar sa Negros Oriental, pinasabugan ng BHB

Marso 16, 2023

Pinasabugan ng dalawang rifle grenade ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang detatsment ng 62nd IB sa Barangay Malangsa sa Vallehermoso, Negros Oriental kahapon. Ayon sa ulat ng yunit, isinagawa ito bandang alas-7:30 ng gabi. Dalawang sundalo ng 62nd IB ang napatay habang dalawang iba pa ang nasugatan.

“Ligtas na nakaatras ang mga mandirigma ng BHB matapos magpaputok nang walang direksyon ang mga tropa ng militar,” ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros.

Paliwanag ni Ka JB, matagal nang inirereklamo ng mga residente ang naka-istasyong tropa ng 62nd IB sa naturang barangay. Nakatanggap umano ng

ulat ang yunit na sapilitang pinagtatrabaho ng mga sundalo ang mga residente ng Barangay Malangsa, pilit inaakusahan at pinasusuko bilang diumano'y "suporter" ng hukbong bayan, at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

## Kawalang trabaho, tumindi noong Enero

Marso 16, 2023

Tulad ng inaasahan, dumami ang bilang ng mga manggagawang Pilipino na walang trabaho noong Enero. Pinatingkad nito ang kahungkagan ng mga pahayag ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimeng Marcos na "bumabawi na" ang ekonomya. Pinasisinungalingan din nito pahayag ni NEDA Sec. Artemio Balisacan na "masigla" ang istatus ng empleyo sa bansa at "tumataas" na ang kalidad ng mga trabaho.

Mula 4.35 noong Disyembre 2022, umakyat tungong 4.8% ang upisyal na tantos ng disempleyo. Bumaba rin ang bilang ng mga nasa pwersa ng lakas paggawa mula 51.2 milyon tungong 49.7 milyon sa parehong panahon. Samantala, nadagdagan ng 153,000 at 458,000 ang bilang ng mga walang trabaho at kulang sa trabaho. Pinakamaraming trabaho ang nawala sa agrikultura, pakyawan at tingiang pagbebenta at konstruksyon.

Noong Pebrero kinutya ni Sonny Africa, executive director ng Ibon Foundation, ang mga pahayag naman ni Finance Sec. Benjamin Diokno na nagmamalaki sa mga "tagumpay" ng rehimeng

Marcos sa pagluluwal ng bagong trabaho. Kabilang sa hungkag niyang mga pahayag ang "maaliwalas" na hinaharap ng mga manggagawang Pilipino, at na mas marami nang mga manggagawa ang maeengganyong lumahok sa produksyon dahil "bumabalik na sa normal" ang ekonomya.

Ani Africa, dapat tigilan na ng estado ang pagmanipula sa mga estadistika at harapin nang maayos ang krisis sa trabaho. Maging ang mga burges na ekonomista ay negatibo ang pagtingin sa kalagayan ng mga manggagawa sa susunod na mga buwan. Ayon sa isang tagapagsaliksik, pinakamalamang na lalupang hihina ang paglikha ng mga trabaho dahil sa paghina ng demand sa pagmamanupaktura at konstruksyon.

Walang "liwanag" sa gitna ng dilim

Sa gitna ng pagkawala ng maraming trabaho, nananatiling mataas ang presyo ng mga bilihin at serbisyo. "Ang pagbaba ng tantos ng implasyon ay hindi nangangahulugan na bumaba na ang mga presyo," ayon sa Ibon Foundation. "Ibig sabihin lamang nito ay bahagyang bumagal ang bilis ng pagsirit ng presyo." Tinawag din ni Africa na "di signipikante" ang tatlong puntos na pagbaba ng tantos ng implasyon mula 8.7% noong Enero, tungong 8.4% sa Pebrero. Lalo itong matingkad kung ihahambing sa 3% tantos noong Pebrero 2022.

Malala, tumaas na nang ₱1.50 kada litro ang presyo ng petrolyo sa unang linggo ng Marso. Nakaamba ring tumaas nang ₱0.5453 per kWh

ang singil sa kuryente ngayong buwan. Ibig sabihin, madaragdagan nang ₱109 kada buwan ang bayarin ng isang pamilyang kumukonsumo ng 200 kWh kada buwan.

Sa gitna ng lahat ng ito, wala pa ring dagdag-sahod. Patuloy pang lumalawak ang agwat sa pagitan ng minimum na sahod at nakabubuhay na sahod, gayundin ang tunay na halaga ng minimum na sahod. Sa buong bansa, pinakamalala ang agwat na ito sa BARMM kung saan 17.5% lamang ng nakabubuhay na sahod sa rehiyon (₱1,944) ang nasa batas na minimum (₱341).

## Serye ng panganganyon at aerial bombing sa Bukidnon, iniulat

Marso 16, 2023

Sunud-sunod na aerial bombing, panganganyon at istraping ang isinagawa ng mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na nag-ooperasyon sa Malaybalay City, Bukidnon mula Marso 13 hanggang Marso 16. Lubhang apektado ng operasyong militar ito ang buhay at kabuhayan ng mga magsasaka at Lumad sa naturang erya.

Noong Marso 13, kinanyon ang bahagi ng Barangay Culaman bandang alas-4 ng madaling araw. Binasag nito ang katahimikan sa komunidad at pamamahinga ng mga residente. Hindi pa matiyak kung ilang kanyon ang inihulog ng AFP sa naturang lugar.

Sinundan ito ng aerial bombing at istraping ng dalawang helikopter pandigma ng rehimeng US-

Marcos sa Barangay Kaburakanan noong Marso 15 ng hapon. Tinatayang 16 na rocket ang inihulog ng dalawang helikopter at limang serye ng istraping. Muling naghasik ng lagim at takot ang mga sundalo nang magpakawala ng mga kanyon sa dalawang serye ng panganganyon sa parehong barangay bandang alas-8 ng gabi. Muling inatake ng mga helikopter ng AFP ang Barangay Kaburakanan noong Marso 16, alas-12 ng hatinggabi.

Hindi pa matukoy kung ilang sibilyan ang nadamay o nasaktan at lumikas dulot ng naturang mga insidente ng pag-atake ng AFP.

Ang aksyong ito ng AFP ay malubhang paglabag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL na pinirmahan kapwa ng gubyerno ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines noong 1998.

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: "Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin. Sila ay pangangalagaan laban sa walang habas na pambobomba mula sa himpapawid, istraping, panganganyon, pagmomortar, panununog, pambubuldoser at iba pang katulad na anyo ng pagwasak sa mga buhay at ari-arian, paggamit ng mga pampasabog gayundin ng pag-iipon ng baril, bala, pampasabog atbp. sa malapit sa kanila o sa gitna ng hanay nila, at sa paggamit ng mga sandatang kemikal at bayolohikal."

Taliwas din ito sa mga panuntunan ng internasyunal na makataong batas na nangangalaga sa kagalingan ng mga sibilyan sa gitna ng armadong tunggalian.

## Mga bahay ng katutubo sa Negros Occidental, niransak ng 62nd IB

Marso 20, 2023

Pilit na pinasok at niransak ng mga sundalo ng 62nd IB ang mga bahay ng mga katutubo sa mga barangay ng Isabela, Negros Occidental habang nagsasagawa ng operasyong kombat na bahagi ng kontra-insurhensyang kampanya ng Armed Forces of the Philippines.

Sa Barangay Banog-Banog, pinasok ng mga tropa ng 62nd IB ang bahay ng mag-asawang magsasaka na sina Danila at Libeth Gerunda sa Sityo Lower Caliban noong Marso 19. Hindi inabutan ng mga sundalo ang mag-asawa sa naturang bahay pero nakita nila ang anak ng mga ito. Tinatok at pilit na kinuhanan ng litrato ng mga sundalo ang mga kabataang menor-de-edad sa naturang bahay. Nagdulot ito ng labis na takot sa mga bata.

Samantala, noong Marso 17, pinasok ng nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB ang bahay ni Renante Villacapa sa Sityo Caliban sa parehong barangay. Ininteroga siya ng mga sundalo at pilit na isinama sa kanilang operasyong kombat para magsilbing giya sa operasyon laban sa Bagong Hukbong Bayan.

Ang pagdadawit sa mga sibilyan sa armadong tunggalian ay labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL na pinirmahan kapwa ng gubyenro ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines.

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: "Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin." Taliwas din ito sa mga panuntunan ng internasyunal na makataong batas na nangangalaga sa kagalingan ng mga sibilyan sa gitna ng armadong tunggalian.

Ayon sa mga ulat, nagpapatuloy ang operasyon ng higit 150 tropang militar sa maraming komunidad ng mga katutubo sa Barangay Makilignit, Barangay Banogbanog at Barangay Riverside sa bayan ng Isabela. Marami sa mga sibilyan ang sapilitang pinasusuko, nirered-tag at sinisindak ng mga sundalo sa kanilang operasyon.

## Ipagtanggol ang Norte, ipinanawagan

Marso 21, 2023

Nagsasagawa ng "trooping" o pag-iikot sa mga pambansang upisina at ahensya ang mga aktibista, tagapatanggol sa karapatang-tao at katutubo mula sa Northern Luzon nitong Marso 20-21. Layunin nilang ipaabot ang kanilang pagtutol sa nagaganap na panggigipit,

militarisasyon at pambobomba sa kanilang mga organisasyon at komunidad.

Nagtungo ang delegasyon sa Commission on Human Rights at Kongreso sa unang araw. Sa pangalawang araw, nag-alay sila ng mga bulaklak sa mga martir ng Norte na nakaukit sa Bantayog ng mga Bayani. Sa hapon, mapapakinggan sila sa ilulunsad na talakayan sa University of the Philippines-Diliman na pinamagataang "Kamusta Kakailian ken Kakabsat."

"(W)alang patid ang atake sa mamamayan sa Norte," ayon sa Cordillera People's Alliance (CPA), isa sa mga grupong may kinatawan sa delegasyon. Ilan sa kanilang idinulog ang pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso, pagdukot, iligal na pang-aresto, terrorist-tagging, red-tagging, media blackout, kriminalisasyon ng paglaban sa pamamagitan ng cyberlibel at iba pa.

"Ang mga ito ay tugon ng administrasyon(g Marcos) sa aming pakikibaka laban sa mapaminsalang mga proyektong pang-enerhiya at mina, liberalisasyon sa agrikultura, pribatisasyon sa tabing ng modernisasyon, at iba pag usaping dati nang nangyayari sa Norte," ayon sa grupo. Kabilang sa mga sinampahan ng gawa-gawang mga kaso sina Windel Bolinget at Sarah Bestang Dekdeken ng CPA.

Kasama sa delegasyon ang mga aktibistang sinampahan ng gawa-gawang mga kaso tulad ng Northern Luzon 7 at mga lider mula sa Cordillera Administrative Region at Ilocos. Naroon din ang mga kinatawan ng mga komunidad na apektado

ng walang patumanggang pambobomba sa Kalinga at Cagayan Valley.

Isa rito ang kabataang si Rogyn na naniniwalang ang pinakahuling pambobomba sa kanilang komunidad nitong nakaraang mag linggo ay dahil sa paglaban ng kanilang komunidad sa Saltan D hydropower project na nakatakdang itayo sa Barangay Gawaan.

Ang pambobomba sa Gawaan ay naganap noon lamang Marso 5 at nagdulot ng pinsala sa kabuhayan ng komunidad. Bago nito, binomba rin ng militar ang Baggao, Cagayan noong Enero 29. Dahil dito napwersa ang mga residente na magbakwit malayo sa kanilang mga sakaha at tirahan. May mga kaso rin ng pambobomba sa Sta. Catalina at Gonzaga, Cagayan noong 2021 at 2022.

Ang mga rehiyon sa Norte ay mga “unwilling host” sa napakaraming proyektong mapaminsala tulad ng pagmimina, malalaking dam at pang-enerhiya, ayon pa sa Philippine Task Force for Indigenous Peoples’ Rights. “Ang paglaban sa mga ito ay karaniwang itinuturing ng gubyerno at mga ahente nito bilang kontra-kaunlaran, kriminal, at terorista.”

Ang mga operasyong militar (sa Norte) ay patunay ng rumaragasang gera sibil sa Pilipinas,” ayon sa pahayag ng CPA noong Marso 19. “Ang deka-dekada nang gerang sibil (na) bunga ng krisis sa ekonomya at pulitika ay hindi malulutas a pamamagitan ng sobra-sobrang operasyong militar at mga programang kontra-insurhensya na

umaabot na sa puntong hindi pinag-iiba ang mga sibilyan at kombatant."

## Alyansa kontra pribatisasyon ng kuryente sa Bacolod, inilunsad

Marso 22, 2023

Nagtipun-tipon ang mga konsyumer at iba pang grupo sa Bacolod City noong Marso 17 para ilunsad ang isang alyansa na lalaban sa iminumungkahing pribatisasyon ng Central Negros Electric Cooperative, Inc. (CENECO). Itinatag ng mga grupo ang Negros Consumers' Watch sa pagtitipon nila sa simbahan ng Iglesia Filipina Independiente sa Bacolod City.

Ayon sa pahayag ng alyansa, ang iminumungkahing joint-venture agreement ay "lubhang tagibang at kontra sa interes ng mga konsyumer ng kuryente at empleyado ng CENECO."

Nagsimulang itulak ang mungkahing pribatisasyon ng kuryente noong Pebrero 16. Kung matutuloy, papalitan ng Ignite Power at Energy Holdings Inc ang CENECO sa pagsusuplay ng kuryente nang hanggang 70%.

Inilatag nila ang apat na pangunahing rason ng kanilang pagtutol: 1) Itatransporma nito ang CENECO mula pampublikong serbisyo tungon sa isang pribadong negosyo na ang pangunahing interes ay kumita; 2) itataas nito ang singil sa kuryente; 3) gagamitin itong pagkakataon para buo nang agawin ang operasyon; at 4)

magreresulta ito sa malawakang tanggalan ng mga empleyado sa CENECO.

Ikinumpara ng mga grupo ang pribatisasyon ng serbisyo sa kuryente sa nauna nang pribatisasyon sa Bacolod City Water District (BACIWA) kung saan tinanggal ang mga empleyado, pumalya ang serbisyo at lumitaw ang iba pang suliranin.

## Ika-20 anibersaryo ng pagsalakay ng US sa Iraq, ginunita

Marso 22, 2023

Mahigit 2,500 katao ang nagprotesta sa Washington D.C. sa US para gunitain ang ika-20 taong anibersaryo ng imperyalistang pananalakay ng US sa Iraq noong Marso 20, 2003. Panawagan nila ang pagtatapos ng mga gera ng US sa loob at labas ng bansa. Ginamit nila ang pagkakataon para ipanawagan na itigil na ng US ang pagpapatindi at pagpapatagal ng imperyalistang gera sa Ukraine.

Kabilang sa mga nagprotesta ang mga myembro ng International League of People's Struggles, Peoples Power Assembly, Friends of Latin America, Anti-Imperialist Action (UMBC), Anakbayan DC, at Palestinian Youth Movement. Pinamunuan ang pagkilos ng United National Antiwar Coalition at Answer Coalition.

Ayon sa mga nagprotesta, winasak ng kriminal na pagsalakay ng US ang bansang Iraq na mula noon ay hindi na nakabangon sa matinding kahirapan at krisis na bunsod ng okupasyong militar, sektaryan

na karahasan, pasismo, at bulok sa kaibuturang mga papet na gubyerno. Matatandaang sinalakay ng US ang bansa sa tabing ng paghahanap sa diumano'y mga nakatago "weapons of mass destruction." Ang pagdadahilang ito ay malaon nang napatunayang isang malaking kasinungalingan. Sa aktwal, ang pakay ng US ay sipain ang anti-US na rehimen ni Saddam Hussein at agawin ang mayayamang rekursong langis ng bansa.

Daan-libong Iraqi ang napatay sa imperyalistang gera ng US sa bansa, at tinatayang siyam na milyong mamamayan ang napalayas sa kanilang mga komunidad. Nilumpo nito ang lokal na ekonomya na hanggang ngayon ay iniinda pa ng mamamayan. Ayon sa mga ulat, sangkapat sa populasyon ng bansa ay sadlak sa matinding kahirapan dahil sa gerang ito.

Samantala, libu-libong French ang humugos sa lansangan noong Marso 19 para igiit ang kagyat na pagtigil ng estadong France sa pagpapadala ng armas sa Ukraine at pag-atras ng bansa sa North Atlantic Treaty Organization (NATO). Ang tinaguriang "Martsa para sa kapayapaan" ay pangalawa na sa mga pagkilos sa bansa ngayong taon.

## Mahabang martsa ng magsasaka laban sa neoliberalismo sa India, nagtagumpay

Marso 22, 2023

Matagumpay na naigiit ng mga magsasaka mula sa Nahir, India ang kanilang mga hiling laban sa neoliberal na mga patakaran sa agrikultura ng reaksyunaryong estadong Indian. Nagmartsa ang puu-puong libong magsasaka mula sa Nashik sa direksyon ng Mumbai, ang kabisera ng bansa, simula Marso 12 para igiit ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Tumigil sila sa estado ng Maharashtra noong Marso 18 matapos dinggin ng estadong Indian ang kanilang mga hiling.

Isa sa mga lumahok dito si Lakshmi Bai Shivaji, 65, na naglakad nang nakapaa sa loob ng walong araw para makarating sa Mumbai. Beterano na siya ng mahahabang pagmartsa para ipaglaban ang karapatan ng mga magsasaka para sa lupa.

"Marahas na inaatake ng neoliberal na rehimen ang mga manggagawa, magsasaka at manggagawang bukid sa bansa, at resulta nito ang pagpapakamatay sa mahigit 300,000 (3 lahk) na magsasaka at manggagawa sa nakaraang dalawang dekada," pahayag ng grupo ng mga magsasaka na All India Kisan Sabha (AIKS), organisador ng pagkilos. Lumala pa ang mga atakeng ito sa ilalim ng kasalukuyang rehimen na nagtangkang gawing sistematiko ang pang-aatake sa pamamagitan ng apat na panukalang batas para sa mga manggagawa at tatlong panukalang batas para sa liberalisasyon ng agrikultura noong 2018.

Kasabay nito, lalong lumaki ang agwat ng kita at pondo, na pinakamatindi ngayon sa India sa nakaraang 100 taon. "Imbes na paliitin ang agwat na ito, pinalalala pa ito ng gubyerno sa

pamamagitan ng pagbibigay ng mga konsesyon sa buwis sa mayayamang korporasyon," ayon sa AIKS.

Dala-dala ng mga magsasaka ang kanilang 17-puntong demand kung saan pinakamayor ang pagtataas ng presyo ng bilihan ng mga agrikultural na produkto. Iginiit din nila ang pagpapatawad sa mga utang ng mga magsasaka, pagpapatawad sa mga di nabayarang singil sa kuryente at suplay ng kuryente nang 12 oras kada araw at pagsagot ng estado at mga kumpanya sa seguro sa pinsala sa mga sakahan na dala ng di pangkaraniwang malalakas na ulan at iba pang natural na kalamidad.

Simula pa lamang ng 250-kilometrong martsa, agad nang nagpaabot ang gubyernong Indian na didinggin nito ang mga hinaing ng mga magsasaka. Itinuloy pa rin ng AIKS ang martsa, lalupa't ilang beses na silang niloko ng estado sa gayong mga pangako. Naniwala lamang sila matapos ilabas ng gubyerno ang detalye ng implementasyon ng kanilang mga demand, kabilang ang pagtataas ng subsidyo sa pagsasaka ng sibuyas at ang pagpapatawad din ng mga utang ng katutubong mga magsasaka.

Nakatakdang maglunsad ng katulad na mahabang martsa ang magsasaka mula naman sa Kisan sa Abril 5.

## Mga sundalo, pinalalayas sa mga maralitang komunidad sa Tondo at Batangas

Marso 22, 2023

Di bababa sa tatlong komunidad ng maralita sa Tondo at Batangas ang dumanas ng panggigipit, panlilinlang at paninindak mula pangalawang linggo ng Marso.

Ayon sa grupong Kadamay, dumating sa komunidad ng Hapilan at Aroma sa Barangay 105, Vitas, Tondo ang humigit-kumulang 90 sundalo ng 11th IB noong Marso 9. Nag-ikot sila para alamin ang kinaroroonan ng mga kasapi ng Gabriela at Kadamay. Ang Hapilan at Armona ay mga komunidad na nahaharap sa mga banta ng demolisyon para bigyang-daan ang proyektong Skyway Extension at land reclamation.

Sa ulat ng lokal na balangay ng Gabriela, muling muling nag-ikot ang mga sundalo at tinatanong ang mga coordinator ng mga building sa Aroma Compound kung sila ay Gabriela o Kadamay noong Marso 14. Bwelta ni Rene Rose Bihag, National Deputy Secretary General ng Gabriela, "Batayang karapatan ninuman ang maging bahagi ng kung anumang organisasyon ang piliin nila. Kung may terorista sa komunidad, hindi kami 'yun kundi ang mga sundalo na nananakot sa mga ordinaryong mamamayan."

"Sigurado kami na ang presensya ng sundalo sa komunidad naming ay para mabilis nilang mapatupad ang planong reclamation at pagtatayo

ng Skyway Extension na magwawalis sa libong pamilya at magkakait sa amin ng aming kabuhayan, trabaho at tirahan,” ayon kay Bihag.

“Tinitingnan ba (ng estado) bilang banta sa seguridad ang nagkakaisang komunidad na lumalaban para sa batayang karapatan? Sa tuwing nananawagan ang mga tao ng pabahay, ayuda, o relief goods, ang tugon ng gubyerno ay supilin ang kanilang laban at patahimikin ang kanilang tinig…,” tanong naman ng Kadamay.

“Kung mayroong dapat lumayas sa Tondo, hindi kami ‘yun. Ang mga sundalong naghahasik ng gulo ang dapat lumayas. Hindi sila tunay na naglilingkod sa sambayanan,” ayon naman kay Bihag.

Samantala, nagbahay-bahay naman ang mga elemento ng 59th IB sa San Isidro Sur, Sto. Tomas, Batangas tatlong araw matapos nito. “Taong 2021 nang magsimula lumaban ang mga residente ng Sto. Tomas kontra demolisyon,” ayon sa grupo. “(T) aong 2022 naman nang magtagumpay ang Maligaya Homeowners Association sa pagsusumite ng kanilang Community Development Proposal sa kanilang Mayor na si Jun Marasigan. Marso 13 nang puntahan ng mga sundalo ang mga bahay ng tatlo sa mga lider ng Maligaya HOA upang imbitahan umano sila sa isang pulong ukol sa pabahay. Tatamaan ang komunidad na ito sa nakatakdang proyektong Sto. Tomas-Malvar Diversion Road.

## Mga unyon sa Metro Manila, naghain ng petisyong dagdag-sahod

Marso 22, 2023

Nagpiket ang mga manggagawa at kinatawan ng 15 lokal na unyon at walong pambansang pederasyon kahapon sa upisina ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board – National Capital Region kasabay ng paghahain nila ng petisyon sa karagdagang ₱530 sa minimum na sahod. Pinangunahan ang sama-samang pagkilos na ito ng Unity for Wage Increase (Uwin).

Bago ang pagkilos, nagtipon ang mga manggagawa para sa isang porum at kumperensya sa midya kaugnay ng kanilang pagkakaisa para igiit ang taas-sahod. Ayon sa UWIN, itinutulak nila ang ₱530 dagdag sahod para makamit ang ₱1,100 nakabubuhay na sahod para sa isang pamilya sa isang araw.

Anang grupo, lubhang napakalayo ng kasalukuyang minimum na sahod sa nakabubuhay na sahod.

Ipinaliwanag ng grupo na nilaman ng petisyon ang sagot sa limang pamantayan na nakasaad sa Article 124 of the Labor Code upang magtaas ng sahod:

1. Ang kahingian para sa nakabubuhay na sahod;
2. Pagbabago ng sahod sa consumer price index;
3. Halaga ng pamumuhay at pagbabago o mga dagdag dito;

4. Mga pangangailangan ng mga manggagawa at kanilang pamilya;
5. Iba pang usapin na mahalaga sa pagtatakda ng sahod.

Hinikayat ng Uwin ang mga kapwa manggagwa at lahat ng mamamayang nagmamahal sa mga manggagawa na suportahan ang naturang petisyon at makiisa sa kanilang panawagan: SAHOD ITAAS!

## Pagsasanay na Salaknib, Balikatan, naglalagay sa Pilipinas sa peligro

Marso 22, 2023

Inilalagay ng magkakasunod na pagsasanay militar at presensya ng libu-libong tropang Amerikano at kanilang mga sandata ang Pilipinas sa peligrong makaladkad sa inter-imperyalistang gera sa pagitan ng US at China.

“Sa ngayon na may sigalot ang US at China… mahirap malagay sa gitna ng nag-uumpugang bato lalo pa at ang mamamayan natin ang maaapektuhan,” pahayag ni House Deputy Minority leader at ACT Teachers party-list Rep. France Castro.

“Ang pagsasanay na Salaknib, ang pagdaong ng barkong pandigmang USS America at ang nalalapit na Balikatan war game kung saan lalahok ang 12,000 (tropang Amerikano) ay bahagi ng pagpapakitang-lakas at pagpapakitang-gilas ng US sa rehiyon,” ayon naman sa Bayan. “Ano ang pakinabang nito sa mamamayan? Bakit natin

hinahayaan ang isang imperyalistang halimaw na responsable sa mga gera sa Afghanistan, Iraq, Libya at Syria, na dalhin ang panunulsol nito sa rehiyon?"

Binweltahan nito ang papet na estado ng Pilipinas sa pag-aktong "utusan para sa imperyalistang adyenda ng US sa Asia."

Pang-uupat ng gera

Sa kauna-unahang pagkakataon, magsasagawa ang US ng live-fire exercise (o pagpapaputok ng tunay na bala o bomba) ng mga Javelin ATGM sa teritoryo ng Pilipinas sa Marso 31. Kokopyahin sa Salaknib ang mga teknik at taktikang ginagamit ng mga tropang Ukrainian sa gerang proxy ng US laban sa Russia. Ang Javelin ATMG ay isang portable na kontra-tangkeng sandata na ginagamit ngayon ng US sa Ukraine.

Bahagi ang aktibidad ng Salaknib exercises na nagsimula noong Marso 14. Magtatapos ang pagsasanay sa Abril 4 para bigyan-daan ang mas malaki at mas masaklaw na pagsasanay na Balikatan. Ang Salaknib ay taunang aktibidad na isinasagawa ng US army para sanayin ang Armed Forces of the Philippines. Kalahok sa pagsasanay ngayong taon ang 3,000 sundalo.

Kasama sa Salaknib ang 1st Brigade Combat Team, Special Forces Regiment (Airborne), First Scout Ranger Regiment, Light Reaction Regiment, 5th ID, 7th ID, Armor Division ng Philippine Army.

Magkakaroon din ng live-fire exercises para sa paggamit ng rocket system sa Abril 1, gamit ang

Multi-Launch Rocket System. Samantala, tapos na ang pagsasanay sa pagpapaputok ng iba't ibang sistema ng rocket at artileri gamit ang High Mobility Artillery Rocket Systems o HIMARS, M119A3 105mm towed howitzer at 81mm at 60mm extended-range mortar.

Ang mga mortar na 105mm at 81mm ay walang pakundangang ginagamit ng AFP para bombahin ang mga sibilyang komunidad sa kampanya nito laban sa Bagong Hukbong Bayan.

## Pekeng pagpapasuko sa mga mangingisda sa La Union, kinundena

Marso 22, 2023

Kinundena ng grupong Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) ang sapilitang pagpapasuko ng mga pulis sa apat nitong kasaping mangingisda sa Barangay San Manuel Norte, Agoo, La Union noong nakaraang linggo.

Sa ulat mismo ng Timek ken Namnaman dagiti Babassit a Mangngalap iti La Union (TIMEK La Union-Pamalakaya), inimbitahan ng isang nagpakilalang "Badjao" ang apat na residente ng Barangay San Miguel Norte para tumanggap ng ayuda. Sa presinto, ipinresenta sila ng pulis bilang mga "sumukong rebelde."

"Ang modus operandi na ito'y talamak nang ginagawa ng PNP-La Union Police Provincial Office (LUPPO) sa mga nagdaang taon upang palabasin na ang mga karaniwang magsasaka at

mangingisda sa probinsya ay mga kasapi ng New People's Army (NPA)," paliwanag ng TIMEK La Union. Dagdag pa nila, ginagamit ng PNP-LUPPO ang mga relief operation bilang panlilinlang sa mga tao at pagkatapos ay pwersahang pagpapapirma sa kung anu-anong mga papeles.

Ayon sa pambansang upisina ng Pamalakaya, "ang pwersahan at pekeng pagpapasuko na taktika ay paraan ng panghaharas laban sa mga mangingisda para patahimikin sila at supilin ang kanilang lehitimong mga kahingian."

Nilabag nito ang ika-4 na bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: "Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin." Taliwas din ito sa mga panuntunan ng internasyunal na makataong batas na nangangalaga sa kagalingan ng mga sibilyan sa gitna ng armadong tunggalian.

## Koordinadong aksyong gerilya, inilunsad ng BHB-Masbate; 10 sundalo at pulis, napatay

Marso 24, 2023

Naglunsad ng koordinadong aksyong gerilya ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Masbate sa Barangay Locso-an bayan ng Placer at Barangay Gaid, Dimasalang noong Marso 22. Napatay sa naturang mga armadong aksyon ang 10 tropa ng 2nd IB at Philippine Natioal Police-Masbate habang hindi bababa sa pito ang nasugatan.

Inilunsad ng yunit ng BHB ang mga armadong aksyon para idiskaril ang malawakang militarisasyong inilulunsad ng mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa magkakanugnog na mga bayan. Ayon pa kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, "gumagamit ng maraming drone, helicopter at tauhan ang kaaway subalit wala pa ring kamalay-malay ang mga berdugo na kumagat sa target. Patunay ito na anumang hamon ay kayang suungin ng Hukbo upang ipagtanggol ang masa."

Samantala, iniulat din ng yunit ang aktibong depensa nito laban sa umaatakeng pwersa ng 2nd IB sa Barangay Villahermosa, Cawayan noong Marso 20. Napatay dito ang kumander ng umaatakeng yunit ng AFP na si Cpl. Antonio Pareno. Ligtas din umanong nakaatras ang mga Pulang mandirigma matapos ang labanan.

Giit ng BHB-Masbate sa harap ng paninira ng AFP, "mahigpit na tumalima ang BHB-Masbate sa internasyunal na makataong batas at sa sarili nitong "Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina at Walong Bagay na dapat Tandaan" sa mga aksyong ito. Tiniyak ang kapakanan ng mga sibilyan sa paglulunsad ng mga operasyong ito."

Ayon sa kanila, walang katotohanan ang anumang ipinapalabas ng Joint Task Force Bicolandia na malapit sa populasyon at sibilyang mga institusyon ang mga armadong aksyon.

## Mga sundalong bahag ang buntot, nagpaputok sa eskwelahan sa Masbate

Marso 24, 2023

Takot na takot na nangagsitakbuhan ang mga sundalo ng 2nd IB at nagpaputok sa loob ng mga lokal na eskwelahan sa dalawang barangay ng Masbate noong Marso 20 at 22 matapos makasagupa ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate.

Nagpakalat ng napakalaking kasinungalingan para pagtakpan ang kanilang karuwagan na pinalalabas ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na diumano'y mga Pulang mandirigma ang umatake malapit sa paaralan. Inulit pa ang kasinungalingang ito ng nag-aambisyong maging diktadtor na kalihim ng Department of Education (DepEd) na si Sara Duterte.

Malayo sa sibilyang populasyon at sa eskwelahan ang naganap na sagupaan sa pagitan ng BHB-Masbate at 2nd IB nang aktibong magdepensa ang mga Pulang mandirigma noong Marso 20 sa Barangay Villahermosa, Cawayan. Pagkatapos nito, nagpaputok ng baril at nagpasabog ng M203 sa kung anu-anong direksyon ang tropa ng 2nd IB malapit sa eskwelahan. Dulot ito ng takot matapos mapatay ang kumander ng tim na umatake laban sa BHB-Masbate sa naturang barangay.

Samantala noong Marso 22, tumakbo naman sa Locso-an National High School ang tropa ng militar at pulis na pinatamaan ng BHB sa Barangay Locso-an, Placer. Sapilitan nilang

pinasok ang naturang eskwelahan kahit pa malayo ito sa pinangyarihan na siyang nagdulot ng takot sa mga guro at estudyante.

Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, dati nang taktika ito ng militar at pulis. "Sa kasong ito, tahasang pinuntirya ng militar ang mga eskwelahan sa kanilang taktikang false flag upang palitawing nilabag ng BHB ang mga makataong alituntunin sa digma sa ilinunsad nitong mga taktikal na opensiba," paliwanag pa niya.

Giit ni Ka Luz, lubhang paglabag ito sa internasyunal na makataong batas at naghatid ng kapahamakan sa mga bata at guro. Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 8 ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL:

"Ang mga tauhan at pasilidad ng mga eskwelahan, propesyong medikal, institusyong relihiyoso, at lugar ng pagsamba, mga boluntaryong sentro ng ebakwasyon, mga programa at proyektong panaklolo at kaunlaran ay hindi maaaring maging target ng anumang atake. Gagarantiyahan ang kaligtasan ng mga tauhan ng nasabing mga entidad."

Samantala, hinamon ng BHB ang DepEd-Bicol na "imbestigahan muna ang mga pangyayari at huwag maging kasangkapan sa anumang pakulo ng mga militar…huwag padaskul-daskol na gumawa ng mga hakbanging magtutulak lamang sa ibayo pang militarisasyon sa mga eskwelahan."

## Nairehistrong mga SIM card, 29% pa lamang

Marso 24, 2023

Nanganganib maputulan ng linya sa komunikasyon ang umaabot sa 119.8 milyong subscriber sa selpon habang papalapit ang dedlayn sa pagpaparehistro ng SIM card sa susunod na buwan. Sa ulat ng Department of Information and Communications Technology (DICT), nasa 49.20 milyon pa lamang sa 169 milyong subscriber o 29.12% ang nakarehistro hanggang noong Marso 21. Sinumang subscriber na hindi makapagpaparehistro bago o sa Abril 26 ay hindi na makakapadala o makatatanggap ng text o makagagamit ng internet gamit ang kanilang numero. “Pinag-aaralan” pa lamang DICT kung palalawigin nito ang dedlayn o hindi.

Noon pa man, malaking usapin na ang potensyal na pagkaputol at pagkakait sa milyun-milyong Pilipino sa serbisyo ng telekomunikasyon dulot ng pwersahang pagpaparehistro ng mga SIM card. Sa unang araw pa lamang ng pagpaparehistro, hirap at perwisyo ang dinanas ng mga subscriber dahil sa palpak na sistemang online ng mga kumpanya sa telekomunikasyon. Limitado rin ang mga pwesto kung saan pisikal na makapagpaparehistro ang mga subscriber na walang smartphone at walang kuneksyon sa internet. Milyun-milyon sa kanila ang nasa kanayunan kung saan limitado ang imprastruktura at mahina o walang signal pang-internet.

Samantala, binatikos ng Junk Sim Registration Network ang pahayag ni Senator Grace Poe kung saan sinabi niyang naglipana pa rin ang text scam kahit pa mayroon nang SIM registration. Si Poe ang numero unong tagapagtulak ng mapaniil na batas.

“Paulit-ulit nang nasabi ng maraming organisasyon at grupo na hindi solusyon ang SIM registration sa mga text scam,” ayon kay Maded Batara III, tagapagsalita ng grupo. “Ang sinasabi ngayon ni Poe, matapos purihin niya…ang batas bilang pinakasolusyon sa mga scam, ay nagpapatunay na isang lamang scam ito ng gubyerno.” Anila, ang pwersahang pagpaparehistro ay magbubunga lamang ng paglitaw ng black market o bilihan ng iligal na mga rehistrado nang SIM. ‘ Ipinasa ang SIM Card Registration Law sa gitna ng pagtutol ng mga eksperto, mga tagapagtanggol ng karapatang digital at karapatang-tao at mga demokratikong organisasyon. Seryosong nilalabag ng pwersahang pagpaparehistro ng mga SIM card ang karapatan sa pribasiya ng mamamayan. Sa ilalim ng mapanupil na estado, ginagamit ito para manmanan ang populasyon at gipitin ang mga indibidwal at grupong kritikal sa anti-demokratikong patakaran at programa ng gubyerno.

## Hustisya para sa mga biktima ng human trafficking, ipinanawagan

Marso 25, 2023

Ginunita noong Marso 17 ng grupong Migrante Philippines, kasama ang mga pamilya ng mga biktima ng human trafficking, ang ika-28 anibersaryo ng pagbitay kay Flor Contemplacion ng gubyerno ng Singapore noong 1995. Nagmartsa sila tungong Mendiola sa Manila dala-dala ang panawagang hustisya at proteksyon para sa lahat ng mga biktima ng human trafficking.

"Inaalala natin ang poot ng buong bansa sa inhustisya laban sa ating kababayan na itinuring nating inhustisya sa ating lahat," pahayag ng Migrante International. "Inaalala natin ang galit ng bayan sa pagtanggi ng gubyernong Pilipino ng bigyan ng kagyat na tulong at aksyon ang isang Pilipina na lubos na nangangailangan ng tulong."

Ginunita ng mga migrante at kanilang mga pamilya ang pagbitay kay Contemplacion sa gitna ng panibagong tulak ng administrasyong Marcos Jr para sa pag-eksport ng paggawa.

"Inaalala din natin ang mga inhustisya sa maraming kaso ng pang-aabuso at pagpapabaya ng gubyerno sa mga naistranded na Pilipino, laluna ang mga babaeng migrante at mga biktima ng pagsasamantala at human trafficking.

Kasama sa nagmartsa ang pamilya ni Mary Jane Velasco, ang Pilipinang sinentensyahan ng kamatayan noong 2010 sa Indonesia pero ginawaran ng pagpapaliban noong 2015. Nakapiit pa rin siya sa Indonesia hanggang ngayon.

Dala rin ng Migrante ang kaso ng tatlong kababaihang nasagip mula sa human trafficker sa

Syria. Kasama sila sa 52 kababaihan at batang babae na ipinadala sa Syria bilang mga kasambahay. Noong 2020, humingi sila ng tulong sa embahada ng Pilipinas pero minaltrato at ipinagkait sa kanila ang proteksyon at serbisyong pangkagalingan na nararapat nilang matanggap.

“Mayroong 83 Pilipino na nahatulan ng kamatayan sa kasalukuyan, habang libu-libo ang nakakulong sa iba’t ibang bansa,” paglalahad ng Migrante. “Karamihan sa kanila ay pinagkaitan ng karapatan sa pantay na proteksyon sa batas at ng makatarungan at pampublikong mga pagdinig ng isang independyente at walang kinikilingang tribunal.”

Sa mga kasong ito, mas madalas na hindi nakapagbibigay ng tulong at komprehensibong proteksyon ang mga embahada ng Pilipinas, laluna sa mga posibleng biktima ng pagsasamantala, abuso, human trafficking at diskriminasyon, ayon sa grupo.

“Patuloy na dadami ang mga Flor Contemplacion ng ating bayan hangga’t hindi tumitigil ang labor export program, na siyang nagtutulak sa ating mga kababayan na mangibang-bansa, dahil sa kawalan ng nakabubuhay na trabaho at sariling lupa para sa mga magsasaka,” ayon kay Arman Hernando, pinuno ng Migrante Philippines.

Pangako ng grupo na patuloy nilang isusulong ang pakikibaka para sa kanilang mga karapatan laluna sa harap ng papasahol na kalagayan ng mga migranteng Pilipino at panibagong tulak ng estado sa patakaran sa labor export.

## Mga negosyante, kinontra ang Marcos cha-cha

Marso 25, 2023

Naglabas ng pinag-isahang pahayag noong Marso 24 ang anim na samahan ng lokal na mga negosyante laban sa charter change na itinutulak ng rehimeng Marcos Jr. Ayon sa kanila, mas mabuting gastusin ni Marcos ang pondong nakatakdang gastusin sa Constitutional convention o Con-con sa mga programang "maka-masa."

Kabilang sa mga pumirma sa pahayag ang Makati Business Club (MBC), Financial Executives Institute of the Philippines (Finex), Justice Reform Initiative, Filipina CEO Circle, Philippine Women's Economic Network Inc., at Women Business Council Philippines,

Sa taya ng naturang mga grupo, aabot sa ₱28 bilyon ang kakailanganin para maidaos ang con-con para baguhin ang Konstitusyong 1987. Ito ay alinsunod na rin sa taya ng National Economic and Development Authority na mangangailangan ng ₱14 hanggang ₱28 ang buong pakana.

Kabilang sa pinakamalaking gastos ang bayad sa 300 delegadong ng con-con na makatatanggap ng ₱10,000 kada araw—o hanggang ₱400 milyon para sa 7-buwang pakana.

"Naniniwala kami na mas magagamit ang pondong ito sa agrikultura para agapan ang mataas na implasyon, transportasyon para

makapunta sa trabaho at makauwi ang mga Pilipino sa mas maiksing panahon, at para sa kinakailangang serbisyong sosyal kabilang ang pangkalusugan, edukasyon, at panlipunang seguridad," ayon sa mga negosyante.

Anila, ang sinasabing mga probisyong gustong baguhin ay mayroon nang mga batas, katulad ng Public Service Act, Retail Trade Liberalization Act, Foreign Investment Act, Rice Trade Liberalization Act, at ang pinakahuli, ang pagpapahintulot ng 100% dayuhang pag-aari sa sektor ng renewable energy. Sang-ayon ang mga grupo sa mga neoliberal na patakarang ito. Kabilang din ang mga grupong ito sa mga nagtulak sa makadayuhang RCEP.

Noong 2021, naglabas na rin ng katulad ng pahayag ang naturang mga grupo laban pakanang charter change na itinulak ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ng kaalyado nitong si Gloria Arroyo. Noon, tulad ngayon, nangangamba ang malalaking negosyante na magbubunsod ng malaking paglaban ng mamamayan ang charter change dahil sa litaw nitong mga layuning pulitikal. Pangunahin dito ang pagpapalawig sa mga termino ng nakaupong mga upisyal, na anila'y tiyak na magdudulot ng pampulitikang kaguluhan.

## Kampanya para ilitaw si Steve Abua, dinala sa UNHRC

Marso 26, 2023

Dala-dala ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa nagaganap na ika-52 na regular na sesyon

ng United Nations Human Rights Council (UNHRC) sa Geneva, Switzerland ang kaso ng sapilitang pagwawala sa organisador na si Steve Abua.

Ipinanawagan ni United Nations Special Rapporteur on Human Rights Defenders Mary Lawlor noong Marso 23 na imbestigahan ang pagwawala kay Abua, alinsunod sa panawagang ipagtanggol ang mga human rights defender sa bansa. Dinukot si Abua ng mga ahente ng militar noong Nobyembre 6, 2021.

"Noong Enero 2022, sumulat ako sa gubyerno ng Pilipinas kaugnay sa pagwawala sa human rights defender na si Mr. Steve Abua, isang lider pesante na nagtataguyod sa karapatan sa lupa at karapatang-tao ng mga magsasaka at katutubo, partikular sa Central Luzon," ayon kay Lawlor sa kanyang talumpati.

Binigyan-pansin din ni Lawlor ang kaso ng mga biktima ng "Bloody Sunday" kung saan siyam na human rights defenders ang koordinadong pinatay ng mga pwersa ng estado. Aniya, lalong pinalala ng Anti-Terrorism Act ang peligrosong sitwasyon ng mga tagapagtanggol sa karapatang-tao sa pamamagitan ng pagpormalisa ng gawing pagpangred-tag sa kanila sa sobrang masaklaw ng depinisyon ng terorismo."

Bago dito, binigyan-pansin din ni Lawlor sa nauna niyang pahayag noong Marso 21 ang kaso ni Dr. Natividad Castro (Dr. Naty) na idineklarang "terorista" ng Anti-Terrorism Council.

“Ang pagpangred-tag at paglalagay sa listahan bilang terorista ay peligrosong mga bansag sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Pilipinas,” aniya.

Dumalo rin sa sesyon sina Cristina Palabay ng Karapatan Philippines, Atty. Edre Olalia ng National Union of Peoples’ Lawyers, Mervin Toquero ng National Council of Churches in the Philippines at April Dyan Gumanao ng Alliance of Concerned Teachers.

## Pangakong trabaho at kaunlaran ng dayuhang pamumuhunan, malaking panloloko

Marso 26, 2023

Sa kasaysayan ng Pilipinas, hindi nakalikha ng maraming trabaho ang dayuhang pamumuhunan. Hindi nito napaunlad ang lokal na ekonomya, at sa halip ay nagpatindi ito sa pagkaatrasado at di industriyalisadong kalagayan ng bansa. Hindi rin nito natugunan ang kahirapan sa bansa. Ang mga ito ang inilinaw ng Ibon Foundation para kontrahin ang panlolokong magdadala ng kaunlaran ang ibayong pagbubukas sa ekonomya sa dayuhang pamumuhunan. Ang pagdadahilang ito ang ginagamit ngayon ng rehimeng Marcos para baguhin ang konstitusyon at isaksak sa lalamunan ng mamamayan ang ninanais nitong neoliberal at awtoritaryang konstitusyon.

“Sa nakaraang dalawang dekada, limang beses na lumaki ang dayuhang pamumuhunan mula $2.2 bilyon noong 2000 tungong $10.5 bilyon noong

2021," ayon sa institusyon. "Gayunapaman, kahit bago ang pagbwelo at pagbawi mula sa pandemya, ang netong nalikhang trabaho sa dekadang 2010-2019 ay mas mababa kumpara sa nakaraang dekada ng 2001-2009." Noong 2017, kung kailan pinakamalaki ang pumasok na dayuhang pamumuhunan sa bansa, umabot sa 664,000 ang nawalang trabaho — pinakamalaki mula 1997.

"(S)a aktwal, humina ang paglikha ng mga trabaho sa kabila ng paglaki ng pumapasok na direktang dayuhang pamumuhunan," anito.

Hindi rin nagdala ng pag-unlad sa lokal na ekonomya ang dayuhang pamumuhunan. Sa aktwal, lumala ang depisit sa kalakalan (ibig sabihin, mas malaki ang import kumpara sa eksport) ng bansa kahit lumalaki ang pumapasok na dayuhang puhunan.

"Pinalalaki ng mga naglalako ng charter change bilang paraan para palakasin ang ekonomya, laluna ang pagmamanupaktura. (D)ati nang malaking bahagi ng inieksport ng bansa ay mula sa pagmamanupaktura," ayon sa Ibon.

Dominado ng dayuhang kapital ang lokal na pagmamanupaktura dahil sa kalagayang di industriyalisado ang bansa. Paglilinaw pa ng Ibon, hindi gumagamit ng lokal na materyal ang mga dayuhan at ang kanilang nakatuon-sa-import na operasyon ang nagpapalaki sa depisit sa kalakalan ng bansa. Pinakamalaki ang depisit noong 2018 na umabot sa $43.5 bilyon.

“Kalakhan ng mga pagmamanupaktura sa bansa ay hindi Pilipino kundi mga dayuhang kumpanyang may mababang dagdag-halaga (low value-added) na nakikinabang sa mga subsidyo at insentibong piskal na iginagawad ng gubyerno,” anito.

Gayundin ang kalagayan ng sektor ng agrikultura. Sa pagitan ng 2000 at 2017, doble ang pumasok na dayuhang kapital sa sektor mula $3.6 milyon tungong $115.7 milyon. Sa harap nito, tuluy-tuloy na dumausdos ang bahagi ng sektor sa lokal na produksyon. Mula 15.2% noong 2000, nasa 10.7% na lamang ang bahagi nito sa gross domestic production sa 2017.

Lalong hindi iniahon ng dayuhang pamumuhunan sa kahirapan ang mga Pilipino. Milyun-milyon ang nananatiling sadlak sa kahirapan kahit pa bumilis ang pagpasok ng dayuhang kapital sa dekada 2000. Sa nakaraang dalawang dekada, naglaro sa pagitan ng 17.7 milyon at 25.5 milyon ang ibinilang sa mamamayang naghihirap.

“Ang pagbaba ng upisyal na datos sa pagitan ng 2015 at 2018 ay hindi dahil sa direktang dayuhang pamumuhunan kundi dulot ng pinalaking conditional cash transfer (CCT), na ngayon ay binawasan na,” ayon sa institusyon. Mas kilala bilang 4Ps ang CCT. Pinopondohan ito ng dambuhalang mga utang mula sa World Bank.

Sa aktwal, bukas na bukas na sa dayuhang kapital ang Pilipinas mula pa panahon ng diktadura ni Ferdinand Marcos Sr. noong dekada 1970. Alinsunod sa inilahad ng Ibon, limang beses na

lumaki ang bahagi nito sa gross domestic product mula maagang bahagi ng dekada 1970s (0.5%) tungong 2.6% sa nakaraang limang taon.

Sa kabila nito, nananatiling atrasado, di industriyal at batbat sa krisis ang ekonomya ng bansa.

## Patas na subsidyo, pagbaba ng presyo ng langis, idiniin ng mga tsuper

Marso 26, 2023

Nananawagan ang grupong PISTON noong Marso 16 na tiyakin na patas ang pagbibigay ng ₱2-bilyong Service Contracting (Libreng Sakay). Ang pondo ay inilaan para ibaba ang pamasahe sa mga pampublikong dyip mula ₱12 tungong ₱9.

Hindi masasaklaw ng pondo ang lahat ng ruta, ayon sa Piston. Siguradong piling mga ruta lamang ang mabibigyan ng subsidyo.

“Ang pangamba namin dito ay baka gamitin ito ng pamahalaan na ekslusibo lang sa mga consolidated na prangkisa, para sapilitang itulak pa rin ang phaseout,” ayon kay Mody Floranda, pambansang presidente ng PISTON. “Hindi ‘yun patas sa mga tsuper at operator at maging sa mga mananakay.”

Isa sa mga iginiit ng Piston at Manibela sa inilunsad na tigil-pasada noong unang linggo ng Marso ang pagpapatigil sa pwersahang konsolidasyon ng mga prangkisa. Bahagi ito sa kontra-mamamayang iskemang korporatisasyon

ng pampublikong transportasyon sa ngalan ng “modernisasyon.”

“Kahit paano pa pagbali-baligtarin ng gubyerno, ang pakanang franchise consolidation ay pakanang phaseout dahil ito ay pagkamkam at pagmasaker sa mga indibidwal na prangkisa at kabuhayan ng maliliit na operator at tsuper,” ayon pa sa Piston. “(Ibib)igay nito sa malalaking negosyante’t kapitalista at para pagkunan ng makukurakot at makukulimbat ng mga burukrata kapitalistang pangunahing tagapagtulak ng huwad na PUV Modernization Program.”

Bagamat makatutulong ang pagbaba ng pamasahe, dapat gumawa ang gubyerno ng mga hakbang para itaguyod ang abot-kayang transportasyon, ayon sa grupo. Pangunahin dito ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa, para hindi nakaatang sa mga drayber at maliliit na opereytor ang pagpapababa ng pamasahe. Dapat ding kumilos ang estado para ibaba ang presyo ng langis, anito.

“Wala namang problema magbaba ng pamasahe kung ibababa at kokontrolin ng gobyerno ang presyo ng langis at ng mga pangunahing bilihin, at itataas ang sahod ng mga manggagawa para walang nadedehado,” ani Floranda.

## Detatsment ng CAFGU sa Masbate, pinasabugan ng BHB

Marso 27, 2023

Pinasabugan ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Manlut-od, Placer noong Marso 24. Isinagawa ng BHB ang operasyon dis-oras ng gabi para surpresang patamaan ang armadong pwersa ng kaaway.

Apat na sundalo at tauhan ng CAFGU ang napatay sa naturang armadong aksyon. Winasak din ng mga operatiba ng BHB ang tatlong kubo ng naturang detatsment. Ito na ang ikatlong aksyong gerilyang inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa serye ng mga armadong opensiba sa nagdaang linggo.

Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapasalita ng BHB-Masbate, "ang masa mismo ang nagkukusang ipabatid sa Hukbo ang mga pwesto at himpilan ng kaaway." Ipinaliwanag niya na ilan sa mga masa ang boluntaryong sumama, nagbantay at sumubaybay sa kilos ng kaaway para sa ikatatagumpay ng opensiba.

Ang naturang komunidad at kalapit pa nitong mga lugar ay matagal nang ginagalugad ng armadong pwersa ng kaaway. Labag sa internasyunal na makataong batas, inokupa ng mga pasistang armado ang mga sentro ng barangay, mga eskwelahan at iba pang pampublikong imprastruktura habang nagsisilbing gwardya sa mapanira at kontra-magsasakang mga proyektong "pangkaunlaran."

Liban dito, iniulat din ng mga residente ang pamimilit sa kabataan na magsundalo sa pangako ng sahod at suporta.

Hindi bababa sa 17 ang kabuuang bilang ng mga sundalo at pulis na napatay sa serye ng mga opensiba ng BHB sa nagdaang linggo. Nadagdagan ang kaswalti ng armadong pwersa ng estado matapos binawian ng buhay ang tatlo sa kanilang pitong sugatan sa naunang isinagawang mga operasyong haras.

## Iglap-protesta, iba pang aktibidad, inilunsad para sa anibersaryo ng BHB

Marso 27, 2023

Sunud-sunod na aktibidad ang inilunsad ng mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa nagdaang linggo sa maraming bahagi ng bansa bilang paggunita sa darating na ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Naglunsad ng iglap-proesta ang mga kasapi ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) sa Metro Manila noong Marso 25 para magpugay sa mga Pulang mandirigma ng BHB sa anibersaryo nito sa darating na Marso 29.

Ang mga rebolusyonaryong guro ay nagbitbit ng malalaking balatengga at naglunsad ng maiksing programa para ipabatid sa mamamayan ang kanilang pagsuporta sa demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pahayag ng Kaguma, nanawagan ito sa kasapiang mga guro at akademiko na “masigasig na kumilos at mag-organisa ng mga lihim na makinaryang magkakalap ng materyal na suporta

para sa digmang bayan sa kanayunan.” Ayon pa sa kanila, “hinihintay ang mga rebolusyonaryong guro na tumungo sa kanayunan at magturo sa mga pulang paaralan at larangang gerilya sa piling ng masang magsasaka.”

Sa Cebu City, nagpinta at naglagay ng mga panawagan sa pader ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) Balangay Marvin Marquez para hikayatin ang mga kabataan na sumapi sa BHB at pagsilbihan ang mamamayang Pilipino.

Nagsabit ang mga kabataan ng malaking balatengga sa sentrong syudad na may katagang “Mabuhi ang sundalo sa kabus” (Mabuhay ang sundalo ng mahihirap!) at “Mabuhi ang NPA” (Mabuhay ang NPA!)

Naglunsad din ng katulad na mga aktibidad ang mga kasapi ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan sa Laguna sa nagdaang linggo.

Samantala, pangungunahan ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) ang mga porum, talakayan at pagtitipon sa Portland at Seattle sa USA, at London sa United Kingdom sa darating na mga araw.

Bago nito malawakang ikinasa ng KM ang operasyong pinta at operasyong dikit sa mga prubinsya ng Surigao del Sur at Agusan del Norte simula pa pagbubukas ng buwan ng Marso.

## Tambalang Marcos-Duterte, desperadong iwasan ang kaso sa ICC

Marso 27, 2023

Desperado na ang tambalang Marcos-Duterte para paatrasin ang kaso laban kay dating presidente Rodrigo Duterte na nakasampa sa International Criminal Court (ICC). Noong Marso 3, nagsampa ng apela ang gubyerno ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Office of the Solicitor General (OSG), para pagbawalan ang mga biktima sa huwad na gera kontra-droga at ang Office of Public Counsel for Victims (OPCV) na maghapag ng pagtutol sa korte. Bago nito, ginamit ng mga biktima at ng kanilang mga abugado ang kanilang karapatan para pormal na tutulan ang mga pagsisikap ng gubyerno ng Pilipinas na idiskaril ang imbestigasyon sa libu-libong mga pagpaslang sa ilalim ng huwad na gera.

Noong Marso 22, pormal na tinanggihan ng ICC ang hiling na ito ng OSG. Ibig sabihin, pahihintulutan na ng korte na magkomentaryo ang OPVC sa mga apela ng mga gubyerno ng Pilipinas para patagalin, kundiman tahasang pigilan ang imbestigasyon at kaso. Ang OPVC ay isang independyenteng organo, na magsisilbing abugado ng mga biktima sa korte.

"Matapos ang masusing pagsusuri sa mga materyal na ibinigay ng Pilipinas, hindi kumbinsido ang Chamber (ICC) na nagsasagawa ang Pilipinas ng angkop na mga imbestigasyon na maaaaring maging batayan para ipagpaliban ang imbestigasyon ng korte," ayon sa isang pahayag

ng ICC noong Marso 23. Inatasan nito ang Victims Participation and Reparations Section na kulektahin at ipaabot na sa Appeals Chamber ng korte ang mga ulat mula sa mga biktima at isumite ito sa darating na Mayo 22.

“Natatalo na sa kaso sa ICC sina Duterte at ng gubyernogn Marcos-Duterte tulad ng nakikita sa kanilang nahuhuli at desperadong demand na tanggalin sa pagdinig sa ICC ang mga biktima,” ayon kay Atty. Neri Colmenares, dating kinatawan ng Bayan Muna at abugado ng mga biktima.

Aniya, samutsaring pagdadahilan na ang ibinato na sila sa korte para pigilan ang kaso. Kabilang dito ang usapin ng complementarity (o relasyon ICC sa mga korte ng bansa) para sabihing “hindi saklaw” o “walang awtoridad” ang korte sa Pilipinas. Katawa-tawang ginamit nito ang usapin ng “soberanya” para iwasan ang imbestigasyon.

Sa kabila ng bukambibig ng mga upisyal at alipures ni Duterte na “hindi saklaw” ng ICC ang Pilipinas, walang awat ang pagsasampa ng mga kaso at apela nito sa naturang korte. Noon ding Marso 23, inianunsyo ng OSG na kinuha na nitong abugado si Ms. Sarah Bafadhel, isang abugadang British, para katawanin ang Pilipinas sa ICC.

## CPP calls on NPA to “stir up and spread flames” of armed struggle

Marso 28, 2023

The leadership of the Communist Party of the Philippines (CPP) today issued a statement on the

occasion of 54th anniversary of the New Peple's Army (NPA) tomorrow, March 29. The CPP exhorted the NPA's commanders and Red fighters to "stir up and spread the flames of the people's war for national freedom and democracy."

The Central Committee of the CPP cited "intensified imperialist oppression against the Filipino people" and emphasized the need to "attain freedom from US control and domination, and carry out land reform and national industrialization" which it said "are the key steps to turn (the Filipino people's) lives around."

It denounced the neoliberal economic measures being carried out by the Marcos regime which cause the broad masses of the Filipino toiling people to suffer from "dispossession of their livelihood by real estate companies, plantation, mining companies, infrastructure, as well as land reclamation projects."

The Party said there is a "clear link" between "fascist suppression and the antipeople neoliberal economic policies and programs" of the Marcos regime. It lambasted the US government for being responsible for the "widespread campaign of terrorism and fascist monstrosities" under the Marcos regime.

It denounced the plan of the US to construct more military bases in the Philippines to use the country "as part of its war theater preparations against China."

The CPP said “the broad masses of the Filipino people are suffering from increasingly intolerable forms of oppression and exploitation… they are ever determined to wage resistance in order to free the country from clutches of US imperialism and the subservient ruling classes, and attain genuine national freedom and democracy.”

The message traced the growth of the NPA over the past 54 years of waging revolutionary armed struggle saying “it has frustrated the enemy’s campaigns of encirclement and suppression one after another” from the first Marcos regime to the current second Marcos regime. The Party said the NPA has “steadily advanced and surmounted every disadvantage and setback.”

“The preservation and nationwide growth of the NPA through more than five decades of fighting clearly proves the correctness of the strategy and tactics set forth by the Party for waging protracted people’s war in the Philippines,” said the CPP Central Committee.”

“The key has always been for NPA units to constantly expand and deepen its links with the broad masses of peasants,” said the CPP.

The CPP said “there are clear prospects for a new period of revolutionary surge in the Philippines.” It said it is certain that NPA will win more achievements and victories “in the coming period of revolutionary surge.” (CPP Information Bureau)

## Kontraktwalisasyon sa pampublikong sektor, tinutulan

Marso 28, 2023

Nagprotesta noong Marso 24 ang mga kawani ng gubyerno para ipanawagan ang pagbabasura sa Joint Circular No. 2 S. 2020 ng Department of Budget and Management at Commission on Audit na nag-awtorisa sa mga ahensya ng gubyerno na kumuha ng mga manggagawa sa mga labor agency. Isinagawa ang protesta sa harap ng upisina ng DBM.

Anang mga kawani, magreresulta ang naturang kautusan sa malawakang sub-kontraktwalisasyon sa pampublikong sektor. Ipinanawagan din nila ang kagyat na regularisasyon sa 700,000 kontraktwal, kaswal at nakapailalim sa sistemang job order na kasalukuyang mga empleyado ng gubyerno.

Pinangunahan ng Kawani Laban sa Kontraktwalisasyon (Kalakon) at Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) ang pagkilos.

Kasabay nito, ipinanawagan din nila ang pagtataas ng sweldo ng lahat ng mga kawani tungong P33,000 kada buwan.

"Maraming kawani ng gubyerno, laluna na ang mga nasa low salary pay scale, ay dati nang baon sa utang dahil sa tumataas na implasyon," ayon sa Courage. "(S)a kabila nito, nakapako pa rin ang aming sweldo sa mas mababa sa nakabubuhay na

sahod, patuloy na nasa panganib ang aming trabaho at ang karapatan namin para sa malayang asosasyon ay nilalabag."

Patuloy ring tinututulan ng Courage ang "rightsizing" na ipinapakana ng rehimeng Marcos para "makatipid" diumano ang gubyerno. Walang iba ito kundi paraan para magbawas ng regular na kawani ang estado.

## ₱750 dagdag-sahod, itinulak ng 12 grupo sa paggawa sa Southern Tagalog

Marso 28, 2023

Nagsampa ng pinag-isang petisyon sa Regional Wage Board IV-A ang 12 grupo sa paggawa sa ilalim ng Workers Initiative for Wage Increase (WIN4WIN) para sa dagdag-sahod kahapon, Marso 27.

Layunin ng petisyon na itaas tungong ₱750 kada araw ang iba't ibang antas ng sahod sa rehiyon. Sa kasalukuyan, mayroong apat na "klasipikasyon" ang sahod sa Calabarzon: ₱470, ₱429, ₱390, at ₱350. Para magkaroon ng komun na sahod, kakailanganin na itaas nang ₱280, ₱321, ₱360, at ₱400 para sa iba't ibang lugar.

"Depende sa lugar ng pagawaan, iba-iba po ang sahod dito sa aming rehiyon. Deka-dekada na pong pahirap ang Wage Rationalization sa mga manggagawa sa Southern Tagalog. Ngayon po, ipinapakita namin ang malawak na pagkakaisa ng mga manggagawa sa Rehiyon IV-A para

magkaroon ng iisang minimum para sa lahat ng manggagawa sa Calabarzon," pahayag ni Mary Ann Castillo, tagapagsalita ng WIN4WIN.

Diin ng mga manggagawa na kailangan ng dagdag-sahod para makakaagapay sila sa nagtataasang presyo ng mga bilihin at serbisyon. Sa kanilang taya, nakaltasan nang ₱90 ang kasalukuyan nilang sahod dulot ng implasyon. Nakahanda silang lumahok sa pagkilos sa Mayo Uno para igiit ang kanilang hiling.

"Kailangan at makatwiran ang dagdag sahod. Marami na pong nagsalita tungkol sa sahod, ngayong Labor Day – pakinggan naman sana tayo ng gobyerno!" sambit ni Castillo.

Ang WIN4WIN ay binubuo ng Metal Workers Alliance of the Philippines, Bukluran ng Manggagawang Pilipino Southern Tagalog, Kilusang Mayo Uno, Federation of Free Workers, Confederation of Filipino Workers, National Federation of Labor Union, Drug, Food and Allied workers Federation, Kilos na Manggagawa Southern Tagalog, TF2- Kilos Damit, Workers Assistance Center, Workers in Semiconductor at Electronics Network, at Kilusan ng Manggagawang Makabayan -Katipunan.

## Bangkay ng napaslang na Pulang mandirigma sa Kalinga, nilapastangan

Marso 29, 2023

Labag sa internasyunal na makataong batas na nilapastangan ng mga sundalo ng 50th IB ang

bangkay ni Onal Osia Balaoing (Ka Puk-et), isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), matapos mapatay sa isang engkwentro sa Balbalan, Kalinga noong Marso 9. Paulit-ulit pang pinagbabaril ng mga sundalo ang kanyang bangkay hanggang sa lumuwa ang mga lamang loob. Maraming bahagi din ng kamay at paa niya ay nabali.

Ang paglapastangan sa bangkay ng napatay sa isang engkwentro ay labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL.

Nilabag ng 50th IB ang ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 3, Numero 4 ng CARHRIHL: "desekrasyon o hindi paggalang sa mga labi ng mga namatay sa proseso ng armadong labanan o habang nakabilanggo, at hindi pagtupad sa tungkuling kaagad na ibigay ang mga labi ng namatay sa kanilang pamilya o bigyan sila ng disenteng libing;"

Si Ka Puk-et ay sumapi sa BHB noong Marso 1987. Bago nito, nagsilbi siyang iskwad lider ng Milisyang Bayan (MB) ng Barangay Wagud, Pinukpuk, Kalinga noon 1985. Kumilos siya bilang buong-panahong mandirigma ng BHB sa mga prubisya ng Mountain Province, Abra at Apayao.

Pinagpugayan si Ka Puk-et ng BHB Ilocos Cordillera Regional Operational Command at kinilala bilang isang mahusay na kadreng pulitiko-militar. Pahayag pa ng panrehiyong kumand, "maraming mga taktikal na opensiba na nakibahaginan at pinamunuan ni Ka Puk-et. Ang

totoo nito, natatakot ang kaaway kung naririnig nila ang alyas ni Ka Puk-et."

Samanatala, pinarangalan din ng BHB-ICR si Gonzalo A. Battawang (Ka Louie) na napatay sa isang labanan noong Marso 15 sa bahagi ng teritoryo ng tribu ng Salegseg. Mula sa Barangay Barangay Gawaan, Balbalan si Ka Louie.

Nagmula siya sa tribu ng Mabaca na lumaki sa Sityo Angao, Amacian, Pinukpuk, Kalinga. Si Ka Louie ay unang nagpultaym bilang security officer ng Municipal Council of Leaders ng Cordillera People's Democratic Front noong naitayo itong rebolusonaryong konseho ng Pinukpuk noong 1989. Dahil mainit ang pangalan niya sa AFP at PNP, nagpasya si Ka Ivy na maging pultaym na kasapi ng BHB noong huling bahagi ng 1989.

## Araw ng kawalan ng lupa, ginunita sa Pilipinas

Marso 31, 2023

Nagsagawa ng mga protesta ang mga magsasaka sa Pilipinas noong Marso 29 bilang pakikiisa sa mga magsasaka sa buong mundo sa taunang Internasyunal na Araw ng Kawalan ng Lupa.

Sa Metro Manila, nagtungo sa Department of Agrarian Reform ang mga magsasaka sa ilalim ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas at ibang mga demokratikong grupo para igiit ang programa sa tunay na agraryo sa lupa bilang pampalit sa huwad ng Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP.

Sa Bicol, nakiisa ang mga magsasaka sa pamamagitan ng protestang bukid at mga talakayan sa komunidad ng Genuine Agrarian Reform Bill o GARB – HB1106 at iba pang isyu ng mga magsasaka. Panawagan nila na itigil ang kumbersyon sa mga lupang sakahan.

Sa Cavite, nagsagawa ang mamamayan ng Lupang Ramos ng protestang bukid kasama ang Kasama-Timog Katagalugan sa bungad ng 372-ektarya ng Lupang Ramos. Sa Panay, pinangunahan ng Pamanggas ang pagkilos ng mga magsasaka.

“Lagi nang ipinipilit ng mga monopolyong korporasyon, imperyalistang institusyon at mga pambansang gubyerno ang neoliberal na balangkas at oryentasyon bilang malaki at “bagong” solusyon sa lumalalang kalagayan ng planeta at pandaigdigang krisis sa ekonomya,” pahayag ng iba’t ibang grupong magsasaka sa mundo. “Pero nakita na ng mamamayan sa kanayunan ang kawalang-ugnay ng mga teknoloiya ng malalaking korporasyon at pangangailangan ng mga magsasaka. Ang mga ito (teknolohiya) ay nagpalalalamang sa gutom, kawalang-lupa at ginawang mas bulnerable ang mga komunidad (ng magsasaka) sa climate change.”

“Ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa at pag-unlad sa kanayunan ay nagpalala sa gutom at kahirapan,” dagdag nila. Sa ngayon, tinatayang mayroong 800 milyong mamamayan sa buong mundo na dumaranas ng gutom dulot ng pagkontrol ng mga korporasyon sa lupa, karagatan, pagkain at agrikultura.

Sa Pilipinas, kabilang sa pinakamahirap sa bansa ang mga mangingisa at magsasaka. Ayon mismo sa datos ng Philippine Statistics Authority noong 2021, mahigit 30.6% ang tantos ng kahirapan sa mga mangingisda, kasunod sa mga magsasaka (30%), mga bata (25.4%) at mamamayang naninirahan sa kanayunan (25.7%).

Ang mga taya na ito ay itinuturing ng KMP na konserbatibo at mas malala sa aktwal. Ayon sa grupo, ang kahirapan ng mga masasaka, mangingisda at mga komunidad sa kanayunan ay "di halos mawari (unimaginabe) at hindi basta lamang magtatantya sa pamamamgitan ng mga datos at estadistika lamang."

"Milyun-milyong ektaryang lupa na tinamnan ng mga staples, palay at pagkain, gayundn ang mga lupang ninuno at pampublikong lupa, ang inagaw at ginawang mga plantasyon, minahan at sakahang nakatuon sa cash crop para sa eksport," ayon sa KMP.

## Mga bilanggong pulitikal sa Negros, isang araw na nag-ayuno

Marso 31, 2023

Naglunsad ng isang araw na ayuno ang mga bilanggong pulitikal sa Isla ng Negros kahapon bilang protesta sa ika-4 na anibersaryo ng malagim na Oplan Sauron 2 o ang sabayang pagpaslang sa 14 na lider-magsasaka at pag-aresto sa ilampung iba pa sa isla noong 2019. Lumahok sa ayuno ang hindi bababa sa 141 bilanggong pulitikal sa isla.

Ayon sa pahayag ng mga bilanggong pulitikal, pakikiisa nila ang ayuno sa panawagan para sa hustisya sa mga naging biktima ng Oplan Sauron 2. Pinatay ng mga pwersa ng estado sa Oplan Sauron 2 ang 14 na lider at kasapi ng mga grupo ng magsasaka sa Canlaon City at mga bayan ng Manjuyod at Sta. Catalina sa Negros Oriental. Isinagawa ito mula ala-1 ng madaling araw hanggang ala-5 kung kailan tulog at nagpapahinga ang karamihan.

Inaresto rin sa parehong operasyon ang ilampung mga aktibistang magsasaka kabilang ang ngayo'y 63 anyos na si Azucena Garubat at ang 61-anyos na maysakit na si Corazon Javier na kasalukuyang nakapiit sa Canlaon City Jail na kumakaharap sa gawa-gawang kasong illegal possession of explosives.

Ipinanawagan din ng mga bilanggong pulitikal ang hustisya sa napakaraming biktima ng ekstra-hudisyal na pagpatay at sadyang pagpatay sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa isla. Kabilang sa mga biktima ang kanilang mga taga-suporta tulad nina Atty. Ben Ramos (pangkalahatang kalihim ng National Union of Peoples' Lawyers sa Negros Occidental, Atty. Anthony Trinidad, at si Councilor Toto Patigas na tumayong pangkalahatang kalihim ng Northern Negros Alliance of Human Rights Advocates, at si Zara Alvarez ng Karapatan-Negros Occidental. Liban dito, mayroon ding mga kaso ng pagpatay sa mga kaanak ng mga bilanggong pulitikal at maging panggigipit sa kanila.

## Petisyon para ipatigil ang imbestigasyon, ibinasura ng ICC

Marso 31, 2023

Ibinasura ng International Criminal Court ang pangatlong hiling ng gubyerno ng Pilipinas na isuspinde ang imbestigasyon sa malawakang pamamaslang sa ilalim ng "gera kontra-droga" ng dating pangulong Rodrigo Duterte. Naghapag ang Pilipinas ng mga apela para ipagpaliban o isuspinde ang imbestigasyon una noong Setyembre 2022 at pangalawa noong Enero. Bago ibasura ang pangatlong apela, tinanggihan din ng korte ang hiling ng Pilipinas na ibalewala ang pagtutol ng mga biktima sa naturang gera sa paulit-ulit na pagpapasuspinde ng gubyerno.

Ayon sa korte, bigo ang Pilipinas na magbigay ng sapat na dahilan para isuspinde ang imbestigasyon. Gayundin, hindi nito nailatag ang mga batayan sa sinasabing "masaklaw at nakapipinsalang mga epekto" ng naturang imbestigayon. Hindi rin nito naipaliwanag ang kunwa'y "kawalan ng hurisdiksyon o legal na batayan" ng ICC para ipatigil ang imbestigasyon.

Matapos ang ilang buwang pabalik-balik na pagsasampa ng mga apela sa tangkang pigilan ang imbestigasyon, kumambyo naman ngayon ang gubyerno ng Pilipinas at nagsabing hindi na ito makikipag-ugnayan sa ICC.

Sa gayon, "all systems go" o tuluy na tuloy na ang imbestigasyon ng korte, ayon sa abugado ng mga biktima na si Atty. Kristi Conti ng National Union

of People’s Lawyers (NUPL). Ikinalugod ng mga pamilya ng mga biktima at kanilang mga abugado ang desisyon.

“Ikinagagalak ko na ibinasura ng ICC Appeals Chamber ang hiling ng gubyerno ng Pilipinas na isuspinde ang imbestigasyon..,” pahayag ng Atty. Neri Colmenares, abugado ng mga biktima at presidente ng NUPL. Walang batayan ang sinasabi ng estado na magdudulot ito ng pinsala sa bansa.

Ani Colmenares, lagi namang may opsyon ang gubyernong Marcos na ipagpatuloy ang mga kasong iimbestigahan ng ICC. Ang totoo, malaking pinsala ang idudulot ng hindi pagtutuloy sa imbestigasyon sa mga biktima at saksi na matagal nang naghahangad ng hustisya para sa kanilang mga kaanak na biktima ng huwad na gera kontra-droga.

## Samutsaring kapalpakan ni Sara Duterte at ng DepEd, binatikos ng mga guro

Marso 31, 2023

Kinastigo ng mga guro sa illaim ng Alliance of Concerned Teachers si Department of Education Sec. Sara Duterte sa kanyang kontra-guro at kontra-esudyanteng mga pahayag at patakaran, gayundin ang mga kapalpakan ng ahensya.

Ngayong araw, binatikos ng ACT ang ginawang pagbabago sa academic calendar kung saan sinaklaw ng pasukan ang Abril-Mayo, ang pinakamaiinit na buwan ng taon. Lumitaw ang

kahirapan ng mga guro at titser na manatili sa klase sa “mala-pugon” na mga klasrum. Sa sarbey na ginawa ng grupo sa 11,706 mga guro, 67% ang nagsabing hindi nila kinakaya ang init, at marami ang hindi nakakapagturo. Maraming estudyante ang hindi na lamang pumapasok para iwasan ang init.

“Halatang hindi inaral mabuti batay sa kundisyon ng Pilipinas bilang bansang bulnerable sa climate change sa paglipat ng school calendar,” ayon kay ACT Rep. France Castro. “Para lang makasabay sa globalized trend, academic calendar shift agad agad. Poor planning talaga at ang kawawa na naman ay ang mga estudyante at mga guro.”

Panawagan ng ACT, ibalik ang dating academic calendar, kung saan may “summer break” ang mga estudyante sa Abril at Mayo.

Bago nito, binweltahan ng mga guro si Duterte sa kanyang pahayag na “imposible” at “di reyalistiko” ang pagkuha ng 30,000 guro para punan ang kakulangan sa mga guro at gawing manageable ang laki ng mga klase. Tinangka pang palabuin ni Duterte ang usapin nang akusahan niya ang mga titser na ginagamit ang isyu para “tabunan” ang naganap na engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB sa Masbate, na umapekto sa mga estudyante.(Para sa karagdagang detalye, basahin ang pahayag ng Jose Rapsing Command kaugnay sa pag-atras ng mga sundalo sa mga paaralan matapos maganap ang mga engkwentro na malayo sa mga sentro ng populasyon.)

“Ilang taon na ring panawagan ito ng ACT Teachers party-list at ang pangmasang organisasyon na Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines sa mga nagdaang administrasyon at may iba-ibang lebel ng kanilang pagtugon dito pero ngayon lang nangyari na sabihin ng DepEd secretary mismo na ang mga panawagang ito ay ‘unrealistic and impossible’,” ayon kay Castro. “Malinaw sa kasyasayan na kaya itong magawa, ibukas lang sana ang isipan at wag puro red tagging ang inaatupag.”

Sa nakaraan, nagawang mag-empleyo ng DepEd ng 29,166 guro kada taon (panahon ng rehimeng Aquino 2) at kahit sa panahon ng ama ni Duterte na si Rodrigo Duterte, nagawa nitong mag-hire ng 25,000 guro kada taon.

Giit ng ACT na kailangang magdagdag ang DepEd ng 30,000 bagong titser at 50,000 bagong klasrum kada taon hanggnag 2028 para makamit ang tamang laki na mga klaseng may 35 estudyante. Sa kasalukuyan, doble o higit pa ang bilang ng mga estudyante kada klase. Sa kabuuan, nasa 147,000 ang kakulangan ng mga titser at 165,000 klasrum. Mangangailangan ang ahensya ng ₱14 bilyon para mapunan ang mga ito. Nasa 9,650 bagong guro lamang ang planong iempleyo ni Duterte para sa 2023.